



# TAGALOG EDITION

# IKAW BA'Y LIGTAS?

## ***Mga papuri sa Ikaw Ba'y Ligtas? …***

"Ang *Ikaw Ba'y Ligtas?* ay isang mapanghamon at mapagpasiglang pananaw ng mga Orthodox tungkol sa kaligtasan. Aming hinihikayat ang paggamit dito bilang pampasigla sa mga pagtatalakayan sa mga pag-aaral pam-Bibliya, *retreat*, at kapag mayroong dalawa o tatlo na natitipon sa Kanyang Pangalan."

- The late Arrchbishop Iakovos, former Primate
  Greek Orthodox Archdioce of No. and So. America

"… [yaong] mga babasa sa *Ikaw Ba'y Ligtas?* ay magkakaroon ng malinaw na pagkaunawa tungkol sa mga katotohanan ng kaligtasan sa pakahulugan na pinaka-ayon sa Biblia at Iglesia."

- Rev. Dr. Stanley S. Harakas
  Professor of Orthodox Theology, Emeritus
  Hellenic College, Holy Cross Seminary, Brookline, MA

"… isang kamangha-manghang kontribusyon, hindi lamang para sa mga Cristianong Orthodox kundi pati na rin sa mga hindi-Orthodox … nagbabahagi ng tamang katuruang teolohiya sa paraang hindi tunog teolohikal …"

- Rev. George S. Nicozisin, St. Louis, MO

# IKAW BA'Y LIGTAS?

## Ang Cristianong Orthodox
## na Pamamaraan ng Kaligtasan

**ni**

**BARBARA PAPPAS**

Isinalin sa Tagalog ni:
Lee (Andreas) G. Quiño

**May Paunang Salita ni**
**Arsobispo Metropolitan Paul [Saliba]**

**May Panimula ni**
**Metropolitan Nikitas [Lulias]**

Pabalat at ikonograpiya sa pamamagitan ng kamay ni
P. Anthony Salzman:

Ang Pagsilang; Ang Apat na Mangangaral;
Ang Pagpanaog ni Cristo sa Hades; si Cristo, Pantocrator

Ikonograpiya sa pamamagitan ng kamay ni
P. Luke Dingman:

Ang Huling Paghuhukom: Ang Ilog ng Apoy

Pinalawak na Ikaanim na Edisyon
Amnos Publications

By the same author:
*First and Second Corinthians: a Study of Paul's Letters*
ISBN 978-1928653257
Regina Orthodox Press, Salisbury, MA

*God's Bubbly, Gurgly, Overwhelming, Overflowing Love*
*(A Children's Book for All Ages)*
ISBN-10: 0962372161; ISBN-13: 978-0962372162
Amnos Publications, Westchester, IL

© Barbara Pappas 1984, 1986, 1995, 1997, 2006, 2013
No part of this book may be reproduced or retransmitted in any form or by any means without written permission of the author, except by a reviewer in a review.

ISBN: 978-0962372186
Amnos Publications, Westchester, IL

Library of Congress Control Number 2011919253

First Edition July 1984 Reprinted October 1984
Second Edition January 1987
Third (Expanded) Edition June 1995
Fourth (Expanded) Edition July 1997
Fifth Edition November 2006
Sixth (Expanded) Edition March 2013
123456789-19181716151413

Korean Edition 2002
French, Greek, Serbian, Russian, Arabic, and Spanish Editions 2013
Tagalog Edition 2015

Amnos Publications
Holy Apostles Greek Orthodox Church
2501 South Wolf road, Westchester, IL 60154

AYS Global Outreach website: www.orthodoxareyousaved.org
Email: info@orthodoxareyousaved.org

Iconographer's websites:
Fr. Anthony Salzman – www.imageandlikeness.com
Email info@imageandlikeness.com
Fr. Luke Dingman – www.lukedingman.com
Email: postmaster@lukedingman.com

*Para kina*
*Dad at Peter,*
*bilang mapagmahal na alaala*

*Ipinamamanhik namin, mga kapatid, na igalang ninyo ang mga nagpapapagal para sa inyo, .... Pag-ukulan ninyo sila ng lubos na paggalang at pag-ibig, dahil sa kanilang gawain.*

*1 Tes 5:12-13*

## PAUNANG SALITA MULA SA TAGAPAGSALIN

Ang gawaing pagsasalin ng mga sinulat patungkol sa doktrina ng Iglesia, katulad ng aklat na ito, ay nangangailangan ng lubhang pag-iingat. Ang anumang pagkakamali sa pagkakasalin, sinadya man o hindi, ay maaaring makapagdulot ng kapahamakang espiritwal sa mambabasa.

Pangunahing prinsipyo ng pagsasaling ito ang pagbibigay ng mahalagang pansin sa tunay na kahulugan ng orihinal na pangungusap kaysa sa anyo nito. Subalit sa mga pagkakataon kung saan ang anyo ay mahalagang bahagi ng kahulugan, ito ay maingat na isinaalang-alang. Ang uri ng pagsasaling ito'y tinatawag na *Functional* (tinatawag ring *Dynamic*) *Equivalence Translation*. Ito rin ang ginagamit na prinsipyo ng *Philippine Bible Society* sa pagsasalin ng Biblia.

Isang halimbawa nito ay ang talatang Gawa 11:26. Sa edisyon ng Magandang Balita Biblia noong taong 2008 ay ganito ang pagkakasalin: *"… At doon sa Antioquia unang tinawag na Cristiano ang mga alagad*". Sa edisyon naman ng Magandang Balita Biblia ng taong 2013 ay ganito ang pagkakasalin: "… *Doon sa Antioquia unang tinawag na Cristiano ang mga tagasunod ni Jesus*". Inyong mapapansin na ang salitang "*alagad*" ay ginawang "*tagasunod ni Jesus*". Ginawa ito ng mga tagapagsalin upang higit na maipaunawa sa mambabasa ang kung sino ang mga tinutukoy na personalidad ng talata.

Isa ring hamon sa Tagapagsalin ay ang kinakailangang pagsasalin ng mga idyoma ng wikang Ingles. Hindi maitatanggi na ito ay may kahirapan sapagkat kung isasalin ito ayon sa literal na kahulugan ng mga salita ay mawawala naman ang tunay na ibig ipakahulugan ng buong pangungusap. Sa ganitong mga pagkakataon, ipinasiya ng Tagapagsalin na gamitin ang mga idyomang Pilipino na may katulad na pakahulugan o kaya naman ay ilagay ang tunay na kahulugan sa Wikang Filipino ng nasabing idyomang Ingles.

Ang pagsasaling ito ay maingat na inihanda upang higit na maunawaan ang mahalagang doktrina ng Iglesia nang mga ang wika ay Filipino. Ang anumang pagkakamali sa pagkakasalin at/o sa pagkakalimbag na ito ay inaari ng Tagapagsalin. Hinihiling po sa mambabasa na agad ipaalam sa naglimbag ang anumang pagkakamali na inyong makikita.

Ang munting gawang ito ay malugod na inihahandog sa pang-misyon at pang-ebanghelyong gawain ng Antiochian Orthodox Christian Archdiocese of Australia, New Zealand and the Philippines.

**LEE (ANDREAS) G. QUIÑO**

# STATEMENT OF RESPONSIBILITY

I, Lee (Andreas) G. Quiño, a faithful of the Antiochian Orthodox Christian Archdiocese of Australia, New Zealand, and the Philippines, and whose civil name is Lee G. Quiño, of legal age, and a resident of Brgy. Concepcion Palasan, Sariaya, Quezon, Philippines, and who is responsible to this translation into Tagalog of the book ***Are You Saved?*** written by Mrs. Barbara Pappas, do hereby acknowledge responsibility to any mistranslated theological concept, if any there be, as contained in this translation.

Any clarificatory question to any theological concept contained herein must be directed to the translator and to the copyright owner, as well as to the theologians of the Church, for proper action.

# MGA PAGKILALA

Ang mga gawa patungkol sa kaligtasan ay hindi magiging kompleto kung wala ang pagkilala sa pakikipagtulungan ng Theotokos, ang Ina ng Diyos. Tinanggap niya ang kalooban ng Diyos para sa kanyang buhay ng walang anumang pagkabahala sa mga sakit ng loob na dadalhin nito sa kanyang buhay dito sa daigdig. Tayo ay namangha sa kanyang tatag at pag-ibig.

Sina Metropolitan Iakovos ng Chicago, Metropolitan Isaiah ng Denver, Rev. William S. Chiganos, Rev. Dr. Stanley S. Harakas at ang sumakabilang-buhay na na si Rev. George Nicozisin ang bumasa ng orihinal na manuskrito ng gawang ito at nagkaloob ng kanilang mahahalagang payo. Sina Carolyn Skoirchet at Nola Vandarakis ang masusi ngunit may pagmamahal na sumuri nito; si Ann Lampros ay napakabuti sa pagbigay ng kanyang kakayahan sa paghahanda at paglilimbag, at si Linda Hardy ang sa napakadaming-gawang pagsasapanahon ng mga bagong edisyon.

Para sa Ikaanim na Edisyon na ito, ang Kabanata Apat, *Kung Sana'y*, ay sadyang bago at malaking bahagi ang bagong mga inilagay sa kabuuan ng mga teksto, lalu't-higit sa Kabanata Tatlo, patungkol sa mga Banal na Misteryo. Ito rin ay pinalakas sa pamamagitan ng panimula ni Metropolitan Nikitas, na makahulugang nakadagdag sa halaga nito sa pagtuturo at pagbibigay inspirasyon, at ang nakakamanghang ganda ng ikonograpiya nina Fr. Anthony Salzman at Fr. Luke Dingman, na nagpakita ng bahagi ng kaloob na ito sa Iglesia. Ito ay nagpapakilala, nang hindi gumagamit ng mga salita, ng teolohiya ng teksto.

Tulad ng aking nakagawian, ako'y humiling sa mga tao mula sa iba't-ibang antas ng buhay na basahin ang bagong sinulat na ito. Ang bawat isa ay magiliw na kumilos at nagbigay ng pagpapalakas ng loob, puna, mga katanungan, na lahat-lahat ay nakatulong upang higit pang maisaayos at mapalinaw yaong mga nais kong ibahagi. Para dito, nais kong magpasalamat kina Met. Isaiah, Fr. Bill Chiganos, Dr. Perry Hamalis, at sa aking mga anak na sina Dheanna, Michele at Laina; para sa kanyang magiliw, maayos, at walang-hanggang nakatutuwang tulong, Presvytera Ruth Uhl; para sa natatanging pananaw ng mga mas batang henerasyon, sa aking mga apo na sina Justin at Michael; at sa aking tuwinang tagapakinig at katuwang sa lahat, ang aking asawa, si George.

Nawa ay ipagpatuloy ng Diyos ang pagbubuhos ng biyaya sa kanilang lahat, ang Kanyang mga Lingkod, at gayundin din doon sa mga nasa tagong bahagi ng gawaing ito, na bagaman malaki ang kanilang bahagi sa tagumpay ng gawaing ito, ay piniling manatili na hindi mabanggit.

*It was with great pleasure that I met Fr. Konstantin at the Antiochian Village in the summer of 2013. Much to my delight, he said at that time that he had been trying to contact me for permission to translate "Are You Saved?" into Tagalog for the ministry of the Orthodox Church in the Philippines. Time after time, we see God works in wondrous ways to bring his far-flung people together as the Body of Christ, that His purposes be served.*

*Through my long distance association with Fr. Konstantin, Khourie Marina Lautillo, and Lee (Andreas) Quiño, I have found the Filipino people to be loving, giving, and zealous in their faith in our Lord. May God continue to bless all of you and to shower you with His grace.*

*I pray that this work, the result of our combined efforts, will bear much fruit for the eternal Kingdom of God.*

*In His love,*

*Barbara Pappas*

# MGA NILALAMAN

**Paunang Salita** 13

**Paunang Salita sa Tagalog na Edisyon** 14
*Arsobispo Metropolitan Paul*

**Panimula sa Ikaanim na Edisyon** 15
*Metropolitan Nikitas*

**Panimula sa Nagdaang nga Edisyon** 17
*Rev. William S. Chiganos*

ANG ICON NG PAGSILANG: ANG UNANG HAKBANG 20

**ANG BANAL NA PANUKALA NG DIYOS**

ANG ICON NG APAT NA MANGANGARAL: ANG IKALAWANG HAKBANG 33

**ANG LIHIM NG KALIGTASAN**

ANG ICON NI CRISTO, PANTOCRATOR: ANG IKATLONG HAKBANG 43

**ANG DAAN TUNGO SA KAHARIAN**

ANG ICON NG PAGPANAOG NI CRISTO SA HADES: ANG IKAAPAT NA HAKBANG 55

**KUNG SANA'Y**

ANG ICON NG HULING PAGHUHUKOM: ANG ILOG NG APOY 64

**Panghuling Salita** 66

**Mga Tala** 67

**Bibliograpiya** 71

| Piling Sipi mula sa mga Ama ng Iglesia | *Kabanata* | *Pahina* |
|---|---|---|
| **Athanasius (290-373 A.D.)** | | |
| Ang Buhay ng Kaluluwa sa Labas ng Katawan | 4 | 58 |
| Ang Kamatayan ay Hindi na Ganoon Kabagsik | 4 | 60 |
| **Basilio na Dakila (330-379 A.D.)** | | |
| Hinati ng Diyos ang Apoy | | 65 |
| **Cirilo ng Alexandria (376-444 A.D.)** | | |
| Nang Mawala ang Kapangyarihan ng Kamatayan | 1 | 28 |
| **Ephraem na taga-Siria (298-373 A.D.)** | | |
| Ang Kaligayahan at ang Paghihirap | 3 | 53 |
| **Gregorio ng Nazianzus (329-391 A.D.)** | | |
| Ang Puno ng Kaalaman | 1 | 24 |
| Kanino Ibinayad ang Kabayaran ng Katubusan | 1 | 28 |
| **Gregorio ng Nyssa (330-395 A.D.)** | | |
| Kung Paano si Satanas ay Nabitag | 1 | 27 |
| Kapag ang Pagkamakatwiran at Biyaya ay Nagsama | 2 | 37 |
| **Gregorio na Dakila (540-604 A.D.)** | | |
| Siya na Nakakikilala sa Diyos | 2 | 35 |
| Ang Pangyayari na Nagbukas sa Pintuan ng Paraiso | 2 | 42 |
| Sa Hindi Paghatol sa Ating Sarili at sa Kapwa | 3 | 54 |
| **Isaac na taga-Siria (d.c. 700 A.D.)** | | |
| Ang Pag-ibig sa Diyos ay Dapat Patunayan | 1 | 29 |
| Ang Dalawang Talim ng Kapangyarihan ng Pag-ibig | 4 | 60 |
| **Juan Crisostomo (347-407 A.D.)** | | |
| Ang Pagbubukas ng Ating Sarili sa Biyaya | 2 | 35 |
| Sa Paghatol | 2 | 42 |
| Ang Dugo na Naging Dahilan ng Pagbubukas ng Langit | 3 | 47 |
| Ang Langit at Impiyerno sa Lupa | 3 | 51 |
| Ang Pagiging Hindi Kakilala ni Cristo | 3 | 51 |
| Ang Kalungkutan Dala ng Kawalan ng Mabubuting Bagay Galing sa Diyos | 4 | 57 |
| Ang Pagsisisi na Huli Na | 4 | 57 |
| Pagiging Malapit sa Hari | 4 | 59 |
| Ang Pagtulog na Higit sa Karaniwan ang Haba | 4 | 60 |
| **Juan ng Damascus (676-749 A.D.)** | | |
| Ang Puno ng Buhay | 1 | 24 |
| Ang Walang-hanggang Apoy | 4 | 57 |
| Ang Krus sa Ating mga Noo | 4 | 59 |
| **Leo na Dakila (c.400-461 A.D.)** | | |
| Si Cristo Bilang Ang Kaganapan ng Kautusan | 1 | 32 |
| **Makarios ng Egipto (300-390 A.D.)** | | |
| Yaong mga Nagtataglay ng Tatak ng Diyos | 4 | 59 |

# PAUNANG SALITA – AYS GLOBAL OUTREACH

Ang paglulunsad ng Ikaanim na Edisyon ng *Ikaw Ba'y Ligtas?* ay tanda ng pasimula ng bagong misyon para sa aklat. Sa katotohanan, ito ay tanda ng paglulunsad sa bagong pang-ebanghelyong pagsisikap, ang ating "AYS Global Outreach," na may layuning palawakin pa ang sadyang-mahalaga ng dulot ng aklat.

Ang ating bagong website, www.orthodoxareyousaved.org, ay kinatatampukan ng patuloy na lumalaking bilang ng mga salin ng Ikaw Ba'y Ligtas? sa mga wika ng daigdig. Doon sa website, ang mga humahanap ay maaari itong ma-download ng walang bayad. Ang libreng mga salin, sa ilang pagkakataon, ay ginawang posible sa pamamagitan ng mga bukas-palad na kaloob, ngunit, lalu't-higit, *ninyo, na bumili ng mga edisyon sa wikang-Ingles, maging sa malambot na pabalat na aklat o kaya ay bilang eBook*. Ang lahat ng kinita mula sa pagbebenta ng mga nasa wikang-Ingles na edisyon ay tuwirang napupunta sa pagbabayad para sa mga bagong pagsasalin at pagpapahusay ng bagong misyon na ito na nakasalalay sa *web*.

Ang website ay kinatatampukan rin ng maraming impormasyon tungkol sa paraan ng kaligtasan ayon sa mga Orthodox at ng mismong Iglesia, kasama na ang kasaysayan, batayang teolohiya, *virtual tours* ng mga simbahan sa iba't-ibang panig ng daigdig, at mga *links* upang matagpuan ang mga parokya at monasteryo kung saan maaari kayong pumunta at higit na matuto patungkol sa matanda at orihinal na Paraan ng Kaligtasan.

Ang mga kagamitang ito ay may pananalanging inihahandog upang tulungan ang lahat na pahalagahan ang kagandahan na sadyang matatagpuan sa *Eastern Orthodoxy*, ang ikalawang pinakamalaking kongregasyong Cristiano sa daigdig.

Ang AYS Global Outreach ay isang non-profit, all-volunteer na gawain. Ang inyong pakikipag-tuwang at mga panalangin ay mahalaga sa tagumpay ng bagong gawaing ito! Kami ay nakikiusap na kayo'y makibahagi!

Para sa dagdag na kaalaman, puntahan ninyo kami sa *www.orthodoxareyousaved.org*. Maaari rin kayong magpadala ng email sa info@orthodoxareyousaved.org.

# PAUNANG SALITA

SA TAGALOG NA EDISYON

There is no place for triumphalism when speaking of the Orthodox Church today, particularly when referring to its Educational and Spiritual tasks. Our Orthodox teachings, symbols, traditions and feast are not widely known in the Philippines. This book will be the first step in exposing Orthodoxy to the Filipino people in the native Tagalog language. We cannot simply tell our children and youth “You must believe because I say so,” or “”because it is the Teaching of yhe Bible.” Naturally, we will say “I believe’” or “The Church Teaches…”; however, we now have the Church’s teachings summarized in this book, giving all the opportunity to read it and compare it to other teachings. This is why this book is so very important.

Walang lugar ang pagmamalaki kapag pinag-uusapan ang tungkol sa Iglesia Orthodox ngayon, lalu’t-higit kapag ito ay tumutukoy sa pang-Edukasyon at pang-Espiritwal na gawain nito. Ang ating mga aral na Orthodox, simbolo, tradisyon, at mga kapistahan ay hindi pa ganoon kabatid dito sa Pilipinas. Ang aklat na ito ay siyang unang hakbang upang ilantad ang *Orthodoxy* sa bayang Pilipino sa katutubo nitong wikang Tagalog. Hindi maaari na basta na lamang nating sabihin sa mga bata at mga kabataan na “Kinakailangan mong sumampalataya dahil sinabi ko”, o kaya ay “dahil ito ang Itinuturo ng Biblia”. Natural na ating sasabihin ‘Sumasampalataya ako”, o kaya “Itinuturo ng Iglesia…”, subalit mayroon na tayo ngayon sa aklat na ito na paglalagom ng mga aral ng Iglesia, nagbibigay ng pagkakataon sa lahat na mabasa ito at maihalintulad sa iba pang mga aral. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga ng aklat na ito.

Orthodoxy and Church life are not abstract concepts. The Orthodox Church has always emphasized the Teaching of the Bible, along with the Tradition and the teachings of the Holy Fathers.

Ang *Orthodoxy* at ang pamumuhay-na-nasa-Iglesia ay hindi isang mahirap unawain na kaisipan. Ang Iglesia Orthodox ay palagiang binibigyang-diin ang mga Aral ng Biblia, kasama ng Tradisyon at mga itinuturo ng mga Santo Padre.

We are very thankful and appreciative of Mrs. Pappas’ dedication in writing “*Are You Saved?*” and to Lee G. Quino who translated it to the Filipino Tagalog language.

Lubos kaming nagpapasalamat at nalulugod kay Gng. Pappas sa paglalaan ng pagsulat sa “*Ikaw Ba’y Ligtas?*” at kay Lee G. Quiño na siyang nagsalin nito sa wika ng mga Pilipino na Tagalog.

**Metropolitan Archbishop Paul (Saliba)**
**Primate of Australia, New Zealand and the Philippines**

# PANIMULA
## SA IKAANIM NA EDISYON

Mula pa noong panahon na ako ay nasa kolehiyo pa, nakasalubong ko na yaong mga tao na pahihintuin ako habang ako ay naglalakad upang ako ay tanungin ng napakapayak, ngunit pinakamahirap, na katanungan – “Ikaw ba’y ligtas? Ang karanasang ito ay hindi lamang sa akin naganap, o doon lamang sa mga naglalakad sa loob ng mga nasasakupan ng mga pamantasan. Malakas ang loob ko na sabihin na ito ay karanasan ng marami. Ang mga tao ay pinahihinto, tinatanong, at hinahamon, at marami sa kanila ang hindi nakakasagot, sapagkat hindi nila ito napag-isipan. Maaaring ito ay dahil sa nabubuhay sila sa isang walang pagpapahalagang mundo, tulad ng ipinaliliwanag ng mga Ama ng Iglesia sa kanilang mga pagsasalita patungkol sa pagiging kawalang-pakialam sa buhay-Cristiano. Ang ibang mga tao ay nanghahawak na dahil sa Banal na Binyag, nagkaroon na sila ng lugar sa Langit at ang kanilang mga pangalan ay nakasulat na sa Aklat ng Buhay. Ating nahiligan nang kalimutan na ang pintuan ng kaligtasan ay makipot at ang daan patungo sa Kaharian ay nangangailangan ng pagsasakripisyo, ng pagkakaloob ng panahon, at pakikibaka.

Bagaman ang ating pansariling bahagi sa paraan ng kaligtasan at ang ating pagpapahayag na si Cristo ay Panginoon ay kailangan, tayo ay naligtas dahil sa sakripisyong-pangtubos sa Krus ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Ang Kanyang sakripisyo ay bahagi ng plano ng Diyos upang muling pag-lapitin ang Kanyang mga anak at Siya. Ngunit hindi lamang ang sakripisyo sa Krus; ang pansariling pagpapahayag na si Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas, nang bawat isang tao, ang siyang bahagi ng pormula ng kaligtasan. Ito ay kadalasang hindi nabibigyan ng bigat ng marami, dahil ang pagpapalagay na sila ay karapat-dapat na nang dahil sa Banal na Binyag ay tumatakip na parang ulap sa kanilang mga espiritwal na isipan.

Sa ating teolohiyang Orthodox, mayroong mas malalim, mas mayamang kaunawaan patungkol sa napakalawak na bagay na ito, hindi tulad ng payak na teolohiya ng ilang mga Cristianong kumunidad. Ang daan ng kaligtasan ay naka-angkla sa nakalipas, sa buhay sa kasalukuyan, at sa inaasahang bukas. Kamangha-mangha itong ipinaliwanag ni Barbara Pappas sa mga mambabasa habang kanilang ninanamnam ang mga teksto. Kanyang ipina-aalala ang mga nakasulat sa Kawikaan: *Anak ko, dinggin mo ang aral ng iyong ama. At huwag ipagwalang bahala ang turo ng iyong ina. Pagkat ang mga yao'y putong mong ubod ganda, kuwintas ng karangalan, sakdal dikit at walang kapara* (Kawikaan 1:8-9). Si Barbara ay nagpapabatid at nagtuturo sa atin sa paraang marahan at maganda.

Kadalasan sa ating buhay, gumugugol tayo ng panahon upang humanap ng kasagutan sa mga katanungang walang kabuluhan at hindi kinakailangan. Ang aklat na ***Ikaw Ba’y Ligtas?***, ay isang kabaligtaran. Ito ay nagbibigay ng higit na kaunawaan at kahulugan sa mga kritikal na katanungan patungkol sa buhay na walang hanggan. Ang pagbasa sa ganitong mga teksto ay kinakailangan upang magkaroon ng tamang kaunawaan patungkol sa kaligtasan. Nariyan yaong ang nais ay bigyang-kahulugan ang Cristianismo sa kanilang sariling paraan at sa kanilang pansariling pangangailangan, upang ang kanilang pansariling pamumuhay at pagbibigay-kahulugan sa kasalanan ay mabigyang-lugar. Si Gng. Pappas ay sumulat at ibinahagi ang sarili sa paraang may tuwirang layon, kung kaya ang tunay na sukatan ng mga bagay-bagay ay napanatili. Si Barbara ay sumunod sa yapak ng mga iba pa na tapat sa tradisyon ng ating relihiyon, na hindi lamang sa mga parapo ng Kasulatan siya kumuha, kundi gayon rin sa mga sinulat ng mga Ama ng Iglesia.

Aking naalala ang sinabi ng isang pinuno ng Serbia noong ika-15 siglo patungkol sa *Ang Hagdanan ng Banal na Pag-ahon* ni San Juan Climacus: Ako, si Haring George, ang tapat na pinuno ng Serbia, ay mayroong malalim na pagmamalasakit sa aklat na ito na tinatawag na Hagdanan at masigasig ko itong binabasa, sapagkat ito ay naglalaman ng mga kapaki-pakinabang na bagay at banal na pagtatalakay." Ganito rin ang aking nararamdaman para sa Ikaw Ba'Y Ligtas?. Ang kahangahangang tekstong ito ay puno ng mahahalaga at makadiyos na salita at kinakailangan na ang bawat isang Cristianong Orthodox ay uminom ng mayaman at nagpapasariwang tubig na ipinagkakaloob nito sa nauuhaw na kaluluwa. Sinabi ni David na ang kanyang kaluluwa ay tulad ng tuyong lupa at siya ay nauuhaw. Ang mga Cristiano ay nauuhaw rin sa buhay na tubig ng kaligtasan na dumadaloy mula sa Tagapagligtas, tulad ng Kanyang sinabi kay Santa Fotini, ang Samaritana.

Hinabi ng maganda ni Barbara Pappas ang mga salita mula sa Kasulatan at mga tekstong patristiko sa isang kahangahangang tapestri ng linyang teolohikal at karunungan. Sa paggawa nito, kanyang tinupad ang iniaatas sa Aklat ng Kawikaan: *Aking anak, ang mga salita ko ay dinggin mo. At ang aking mga utos, ingatan nga at sundin mo. Ang pakinig mo'y ibaling sa wastong kaalaman. At ito ay isipin nang iyong maunawaan. … Kay Yahweh ay magkakaroon ka ng banal na takot. At matatamo ang unawa tungkol sa ating Diyos* (Kaw 1:1-2,5). At tulad rin ng sinulat ng kaparehong may-akda sa nasabing Aklat ng Kasulatan: *Anak ko, ang aral ko ay huwag mong lilimutin. Lahat ng aking utos sa isipan mo'y itanim. Upang araw mo'y tumagal, humaba ang iyong buhay. At maging masagana sa lahat ng kailangan* (Kaw 3:1-2). Sa pamamagitan ng kanyang mga sinabi, tayo ay magagabayan sa kung paano ang lumakad sa landas ng kaligtasan.

Bagaman ang mga Ama ng Iglesia ay matatag na tumayo sa kanilang pagtuturo at pagtatanggol sa Katotohanan, sila rin ay nadadamitan ng kababaang-loob at pag-ibig. Si Barbara ay nagpapakita rin ng ganitong katangian at kahusayan. Si Barbara ay hindi naghihintay ng papuri at pagpaparangal; sa halip, patuloy niyang ginagawa ang itinuro sa atin ng mga Santo – ang dalahin ang mga tao kay Cristo at matagpuan ang kaligtasan sa Kanyang Pangalan. Sa pamamagitan nito, tayo ay makatitiyak at ating malalaman na tayo ay naligtas kay Cristo Jesus.

Metropolitan Nikitas [Lulias]
Director, Patriarch Athenagoras Orthodox Institute
Berkeley, California

# PANIMULA

## SA MGA NAGDAANG EDISYON

Kapagpasa-pasalamat, dumadaming bilang mga mananampalatayang Orthodox, maging bata o matanda, ang patuloy na tumatalakay ng malaya sa isang paksa na sa mahabang panahon ay iniwasan. Ang mga katanungang "IKaw ba'y ligtas?, Ano ang ibig sabihin ng kaligtasan?, Ano ang dapat kong gawin upang maligtas? Ay itinatanong sa Paaralang Pangsimbahan, grupong pam-pag-aaral sa Biblia at mga grupong pam-pananalangin. Tinitingnan ko ang patuloy na pagnanais na ito at ang kaugnay na mga pagkabahala bilang tanda ng paglagong espiritwal.

Ang karamihan ay iniuugnay ang ganitong mga usapan sa Protestantismo at mga Cristianong "born again." Hanggang sa halos hindi pa nagtatagal na nakalipas, karamihan sa ating mga mananampalataya ay iniiwasan ang ganitong mga usapan dahil sa kawalan ng sapat na kaalaman patungkol sa paksa ng kaligtasan. Ang paksang ito ay hindi bago sa ating pananampalataya. Kung pag-aaralan ang kasaysayang eklesiastiko at ang mga kaugnay na pakikipaglaban ng mga Ama nang noon ay nagsisimulang Iglesia ay makikita na ang katanungan patungkol sa "pagiging ligtas" ay kasing-kaugnay ng sa ating panahon at nang noong panahon nina Juan Crisostomo at Gregorio ng Nyssa at ng iba pa.

Ang pag-aaral na ito ay tutulong sa bawat isang babasa nito ng kumikilos na karunungan sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at magkaroon ng kakayanan na talakayin ito doon sa mga nakapaligid sa kanila. Hindi ito isang pagtatangka na magbigay ng payak na sagot sa napakahalagang paksang ito. Sa halip, ito ay bunga ng pag-ibig ng isang guro sa pananampalataya na personal itong naranasan at hiningan ng kanyang mga kasamahan at mga mag-aaral na magbigay ng kasagutan at mga gabay. Hindi ito ang pinakahuling manwal patungkol sa paksa kundi isang bintana kung saan ang mga nababalisang kaluluwa ay madadala sa look ng katotohanan at kaunawaan patungkol sa kaligtasan.

Ang may-akda ng gawang ito, si Barbara Pappas, ay naganyak na ihanda ang gawang ito dahil sa kanyang pagmamalasakit para sa kaligtasan ng hindi lamang ng kanyang kaluluwa, kundi pati na rin ng kanyang mga kapatiran. Si Starets Zossima ni Dostoyevsky, sa Ang Magkakapatid na Karamazov, ay nagsasabi ng malapit sa katotohanan ng sabihin niya na tayong lahat, ang bawat isa sa atin, ay "may tungkulin sa bawat isa at sa lahat." Si Barbara Pappas ay naglingkod sa maraming taon bilang guro sa Paaralang Pangsimbahan, bilang Curriculum Director ng Holy Apostles Church School sa Westchester, Illinois, bilang kasapi ng Religious Education Commission ng Metropolis ng Chicago, at nagturo sa adult Bible Study sa Holy Apostles. Siya ay naglingkod kasama ng mga guro, magulang at mga kabataan ng lahat ng edad. Mula sa mga karanasang ito, kanyang pinagsama-sama ang sumusunod na maingat at mapanalanging pag-aaral. Ang lahat ng mga nagkaroon ng pagkakataon na siya ay makilala ay nakinabang sa kanyang maningning na pag-ibig para sa Iglesia, ang kanyang hindi mayayanig na pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang ang ipinangakong Tagapagligtas, ang kanyang malalim na pagkaunawa sa pananampalatayang Orthodox at ang kanyang di-maampat na pagnanais na ibahagi sa iba ang mga ipinahayag na katotohanan ng Diyos. Isang tanging karapatan at katangi-tanging kagalakan na tawagin siyang isang tapat na lingkod ng Iglesia ni Cristo.

Aming binibigyang-diin ang aming pasasalamat sa hindi matatawarang pagsuporta sa gawaing ito na ipinagkaloob ng namayapang Arsobispo Iakovos ng Hilaga at Timog America

nang ito ay unang inilabas, at gayundin ay sa ating Minamahal na Metropolitan Iakovos ng Chicago, Metropolitan Isaiah ng Denver ang ng iba pang nangungunang lingkod ng simbahan na nagbigay ng suporta dito mula sa simula at patuloy na tumatayo sa likod nito.

Aking inirerekomenda ang aklat na ito sa lahat ng nauuhaw sa kaalaman at sa katotohanan. Naniniwala ako na isa itong katanggap-tanggap at kagamit-gamit na tulong para sa mga pansariling pag-aaral, sa mga talakayan sa Paaralang Pang-linggo at sa grupong pang-pag-aaral ng Biblia at pam-pananalangin. Basahin ninyo ito sa kabuuan, tapos ay balikan ang mga bahagi na higit na nakapukaw sa inyong interes. Napakadami nitong maaaring ipagkaloob sa iyong pagpapalago at kaunawaan sa ating pang-lahat-ng-panahon at napakahalagang pananampalatayang Orthodox

Reverend William S. Chiganos
Chairman, Religious Education Commission
Greek Orthodox Metropolis of Chicago

# *IKAW BA'Y LIGTAS?*

**Ang Unang Hakbang: Sumampalataya**

**ICON NG PAGKAKASILANG**




*Kinakailangan na tayo ay "Sumampalataya" na si Jesu-Cristo ay siyang Tagapagligtas, at ang Kanyang kapanganakan sa lupa bilang isang tao ay katuparan ng lahat ng mga hula at pangako sa Lumang Tipan. Kanyang ginapi si Satanas at binuksan ang Daan patungo sa Kahariang Walang Hanggan ng Diyos.*

> Ano ang aming maibibigay sa Iyo, O Cristo, Ikaw na para sa aming kapakinabangan ay ipinanganak bilang tao dito sa lupa? Lahat ng Iyong mga nilalang ay nagpupuri sa Iyo. Mula sa mga anghel, ay pagpupuri; sa kalangitan, ay ang mga bituin; sa mga pantas, ay mga regalo; at mula sa amin, ay ang Inang Birhen. O Diyos na walang pasimula, maawa ka sa amin.
>
> Mula sa Eve of Nativity Vespers

Sa pamamagitan ng tatlong bituin, isa sa harap ng belo at tig-isa sa bawat balikat, ang *Orthodox iconography* ay nagtuturo ng katotohanan na si Maria ay isang birhen, bago, habang, at pagkatapos niyang maipanganak ang Tagapagligtas, bilang katuparan ng mga propesiya. Siya ay nagkatawang tao upang iligtas tayo sa pandaraya ng Diablo, na ipinakikita naman sa bahaging mababang kaliwa ng *icon* ng Pagkakasilang bilang isang kunwaring pastol na bumubulong ng mga pagdududa sa isipan ni Jose sa kung sino talaga ang ama ng Bata. Ang kadiliman ng kuweba kung saan si Cristo ay ipinanganak ay sumisimbolo naman sa kasamaan sa lupa kung saan Siya ay bumaba at kung saan Siya ay nagdala ng liwanag ng katotohanan.

> Halikayo, at magbunyi tayo ng lubos sa ating Panginoon at awitin natin ang misteryong nasa ating harapan. Ang pader na naghihiwalay sa tao mula sa Diyos ay nawasak na; ang naglalagablab na espada ay inalis na mula sa pintuan ng Eden; ang kerubim ay umalis na sa Puno ng Buhay, at ako, na itinapon dahil sa aking hindi pagsunod, ngayon ay nagsasaya sa mga biyaya ng paraiso: Sapagkat ngayon ang perpektong Larawan ng Ama, na may tanda ng Kanyang pagiging isang walang hanggan, ay naririto sa anyo ng isang tagapaglingkod. Nang walang anumang pagbabago, Siya ay ipinanganak ng isang birheng ina; Siya ay tunay na Diyos, at nanatiling Diyos, at dahil sa Kanyang pag-ibig sa sangkatauhan, Siya ay naging isang hindi naman niya kalikasan: tunay na tao! Halina, mga mananampalataya, ating Siyang awitan: O Diyos, ipinanganak ng isang birhen, maawa ka sa amin!
>
> Mula sa Eve of the Nativity Vespers,
> *The Services of Christmas,*
> *Orthodox Church in America*

Sinabi ni Abba Iperechus sa atin, “Kung ang pagnanais para sa Makalangit na Kaharian ay nag-aalab sa inyong kaluluwa tulad ng isang may sinding sulo, gawin ninyong lahat upang ito ay maging kapakipakinabang sa inyong kaluluwa.”

Archimandrite Chrysostomos,
*The Ancient Fathers of the Desert*

## Kabanata Isa

## ANG BANAL NA LAYUNIN NG DIYOS

### IKAW BA'Y LIGTAS?

Ano ang tugong Orthodox sa napakahalagang tanong na ito? Ang Biblia ay nagbigay sa atin ng mga batayan para sa hinahanap nating sagot subalit ang kasulatan ay maaaring mabigyan ng maling pakahulugan. Ang makasaysayang Iglesia ay binigyang-pansin ang suliraning iyan sa pamamagitan ng pagpapanatili sa lahat ng panahon ng walang hanggang katotohanan na tinanggap mula kay Cristo at sa mga Apostol. Naging kasangkapan sa banal na gawaing ito ang mga sinulat ng mga Ama sa Simbahan, kapasiyahan ng mga Konsilyo (na lumaban sa mga erehiya), Liturhiya, mga Himno ng Iglesia, at ang *Iconography*. At sa paghahanap ng katotohanang teolohikal, ang ating gabay ay ang nagkakaisang pananaw na matatagpuan sa mga kayamanang ito.

Sa Lumang Tipan ay nakasulat na sa pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa at ang lahat ng nakikita at hindi nakikita. Pagkatapos nito ay tiningnan Niya ang kanyang mga nilikha at *nakita Niya na ito ay mabuti* (Gen. 1:25). Nang dahil sa dakilang pag-ibig na Kanyang inilalarawan, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig, nais Niyang ibahagi ito sa Kanyang mga nilikha. Subalit ayaw Niyang palibutan Siya ng mga robot – mga nilikhang ang layunin lamang ng pagkakabuo ay gawin ang itinakda Niyang gagawin. Sapagkat mga nilikha lamang na katulad Niya ang maaaring makapagbigay halaga sa mga kagila-gilalas na bagay na kaya Niyang ipagkaloob, nilikha Niya ang lalaki at babae *ayon sa Kanyang wangis*, na mayroong malayang kalooban. Ibinigay Niya sa kanila ang pamamahala sa lupa at sa lahat ng may buhay.[1] At ang tanging hinihiling lamang Niya bilang kapalit ay ang kanilang pag-ibig–na magagawa lamang kung mayroon silang malayang kalooban–isang bagay na maaari nilang maibigay na talagang kanilang pag-aari.

Ang Panginoong Diyos ay naglagaw ng isang hardin sa silanganan ng Eden, at inilagay Niya doon ang lalaki [at ang babae] na Kanyang nilikha (Gen 2:8). At sila ay walang kapintasan. Nakikipag-usap Siya sa kanila.[2] Napalilibutan sila ng mga kamangha-manghang bagay, ng kagandahan, at lahat ng mabubuting bagay upang kainin; at ang pagkakataon na lumago ayon sa wangis nang at pakikipag-isa sa kanilang Manlilikha ang siyang nagbibigay-halaga sa kanilang buhay.[3] At habang naroon ay tinatamasa nila ang biyaya ng nakalulugod na gawain–ang pangalagaan ang hardin–na walang anumang pabigat at pahirap na nakapagdudulot ng kawalang pag-asa sa buhay at trabaho. Walang anumang sakit ang tao, hayop at halaman; walang pagtanda at kamatayan na iisipin; walang anuman na makasisira sa katahimikan ng kanilang buhay. At upang mapanatili ang perpektong kalagayan nang lahat ng may buhay, ang Diyos ay naglagay ng patuloy na ambon na nagmumula rin naman sa lupa at ang lahat ay nasa perpektong kaayusan.

Siguradong sina Adan at Eba ay nagpapahayag ng kanilang pag-ibig sa kanilang napakabait na tagapagkaloob, subalit hindi sapat ang mga salita lamang. Ang tunay na pag-ibig ay nangangailangan ng pagpili. Kung kaya binigyan ng Diyos ng kalayaan sina Adan at Eba upang gawin ang kanilang naisin–maliban sa isang bagay. Upang patunayan ang kanilang pag-ibig at upang sila ay patatagin sa pamamagitan ng disiplina sa sarili, sinabi Niya na huwag silang kakain ng bunga ng *punongkahoy na nagbibigay kaalaman tungkol sa mabuti at masama* (Gen 2:17). Pagkatapos ay *pinahintulutan* Niya si Satanas na subukin sila.

Ang naging bunga ay kapinsalaan. Sina Adan at Eba ay nabigong sundin ang isang utos na ibinigay sa kanila, at nagpadaig sa kaparehong uri ng kasakiman at pagmamataas na naging dahilan sa pagkakatapon kay Satanas sa lupa mula sa Langit.[4] Sa mga puso nila na ang dapat na laman ay pag-ibig at pagpapasalamat sa Diyos sa lahat ng kanyang mga ginawa para sa kanila, ay tumubo ang paghahangad na maging katulad ng Diyos, na walang anumang limitasyon. Tinalikuran nila ang pagpapatuloy sa pagsunod at dahan-dahan na paglago ayon sa wangis ng Diyos, at kanilang pinili na subukang palitan ang Diyos sa pamamagitan ng pagsuway–ang alisin ang Diyos sa kanyang trono–na kailanman ay hindi maaaring mangyari.

> Ang Punongkahoy na Nagbibigay Kaalaman ay hindi ipinagbawal nang dahil sa galit ang Diyos sa tao…Naging mabuti pa nga sana kung ito ay kinain sa tamang panahon; sapagkat ang Punongkahoy na yaon, ayon sa aking palagay, ay ang kontemplasyon, na para lamang sa mga nakaabot na sa tamang paglago sa kaalaman, at hindi para sa mga mababaw ang isipan at mga sakim; gaya nang sa ang matitigas na pagkain ay hindi dapat sa mga mahihina at nangangailangan pa ng gatas.
>
> GREGORIO NG NAZIANZUS[5]

Ang naging bunga ng pagsuway nina Adan at Eba ay ang pagpapalayas sa kanila mula sa Eden, na magdadala sa kanila, sa takdang panahon, nang kamatayan, tulad ng sinabi na sa kanila. Ang kamatayan ay nakapangingilabot subalit naging kinakailangan, sapagkat–ang tunay na dahilan nito–sa katotohanan ay pagpapakita pa rin ng pag-ibig ng Diyos. Ang piliin na huwag sundin ang Diyos ay pagsira sa banal na wangis kung saan tayo ay nilikha (sa Griego: *hamartano*, magkasala; o kaya ay 'hindi tumama sa pananda'). Kung sina Adan at Eba ay papayagan na patuloy na makakain ng bunga ng Punongkahoy ng Buhay sa kanilang makasalanang kalagayan, sila ay mabubuhay na magpakailanman, at ang pagsuway ay patuloy na kakalat; ang Eden ay hindi na magiging isang Paraiso. Kung kaya sila ay iginawa ng Diyos ng *damit na yari sa balat ng hayop* (Gen 3:21), ang kamatayan ang magbibigay hangganan sa naging bunga ng pagsuway.[6] Pagkatapos ay pinalayas Niya sila mula sa Hardin at naglagay Siya ng Kerubim at naglalagablab na espada sa pintuan nito, upang hindi na makabalik pa sina Adan at Eba.

> Ang puno ng buhay na itinanim ng Diyos sa paraiso ay sumisimbulo sa kapitapitagang krus, sapagkat nang dahil sa ang kamatayan ay nagmula sa isang punongkahoy, kinkailangan rin na ang buhay at ang Muling Pagkabuhay ay ipagkaloob mula sa isang punongkahoy.
>
> JUAN NG DAMASCUS[7]

Simula noon, ang unang lalaki at babae ay kinailangan nang gumawa na ng para sa kanilang sarili. Nawala na sa nababantayang kalikasan ng Eden, kinailangan na nilang magpakahirap para sa pagkain at makipaglaban sa mga tinik at dawag ng buhay: mga alalahanin patungkol sa panahon, sa mga hayop (na doon sa Hardin ay kanilang mga kaibigan), sa kanilang kapwa, at sa lahat ng bagay na maaaring isubok sa kanila ng Diablo (Gen 3:17-19). Kailangan na nilang harapin ang pagtanda, mga sakit, mga sugat, at lubhang kasamaan. Sa ganitong kalagayan, ang kamatayan, na naghihintay lamang sa dako roon, ay magbibigay ng kalungkutan sa ligaya ng buhay at magbibigay rin ng katapusan sa mga pahirap na nasa makasalanang daigdig. Ang mga paghihirap na nararanasan at ang pagpapahirap sa kapwa ay magiging bahagi na ng kahirapan ng buhay at sa itinatakda ng panahon. Sapagkat tayo ay nagmula kina Adan at Eba, tayo ay tagapagmana ng masalimuot na kalagayan na naging bunga ng kanilang "salang orihinal" at sa pagkakapalayas mula sa paraiso.[8]

Sa kabuuan, hindi namimili ang Diyos sa kung sino ang makakaranas ng mga pagsubok, suliranin, mga sakit, kapansanan, kawalan, mga mapapait na karanasan at iba pang katulad ng mga ito sa ating buhay dito sa lupa; sapagkat ito ay lalabag sa kalayaang magpasya para sa sarili. May mga pagkakataon rin naman kung saan pumipili ang Diyos ng mga tao upang gumanap ng isang mahalagang tungkulin, tula ng pagpili Niya kay Maria upang isilang ang Cristo, subalit ito ay nangailangan pa rin ng pagsang-ayon nito (Lk 1:38). Gayundin naman, ang mga kahirapan na nararanasan sa buhay ay hindi mga piling pagpapahirap ni Satanas kundi ang hindi maiiwasang bahagi ng buhay sa labas ng Eden kung saan siya naghahari (Jn 12:31; Ef 2:2-3).

Gaano man kahirap unawain at tanggapin, hinahayaan ng Diyos (ngunit hindi Siya ang dahilan) ang mga pagsubok sa ating buhay sapagkat itinatangi Niya ang bawat isa atin. Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na bigyang pansin ang kung ano ang tunay na dahilan kung bakit tayo nabubuhay at ang mga sangkap nito na pinakamahalaga. Tulad ng isang nagniningas na apoy, ang mga paghihirap sa buhay ay maaaring makagising sa tulad ng ilan sa atin na kung walang pagsubok ay hindi mauunawan na kailangan natin ang Diyos; ang mga ito ay maaaring makapukaw sa iba na tingnang mabuti ang kalagayan ng kanilang mga kaluluwa at itama ang kanilang mga pagkakamali bago pa man mahuli ang lahat.

Sa mga tao na tumatawag sa Diyos sa panahon ng kaginhawahan at pati rin sa mga panahon na may mga pagsubok, ang walang-hanggang banal na layunin ng Diyos para sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay nagbibigay ng kagamutan sa mga pagsubok sa buhay: nagbibigay ng tamang landas, kaginhawahan, kaaliwan, katatagan upang magpatuloy, pang-unawa sa layunin ng nararanasan, pagpapala, tunay na kaligayahan, anuman ang kanilang nararanasan. Ang dulot ng mga mahigpit na pagsubok na ito sa buhay ay dalhin ang tao sa Diyos, gaya ng mga inihahalimbawa ng buhay ng mga Santo.

Para naman doon sa mga tao na sinisisi pa ang Diyos at lalo pang tumatalikod sa Kanya sa panahon ng mga pagsubok, nagtatagumpay si Satanas sa kanilang buhay. Ang mga biglaang pagbabago sa buhay ay maaaring magdulot sa atin na mas maging masama o mas maging mabuti–nasa atin ang pagpili.

Ang kagandahan ng buhay ay nagbibigay ito ng pagkakataon na makabalik tayo sa pinagpalang kalagayan na naiwala nina Adan at Eba para sa ating lahat. Ang kaligtasan ay ang muling pagkakamit ng katiyakan sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos at ng Kaniyang kaluwalhatian. Ang ating buhay dito sa lupa ay napakahalagang kaloob sa atin sapagkat ito ay ang nag-iisa at tanging pagkakataon natin upang makamit ang kaligtasang ito. Subalit ang ipinangako sa atin ng Diyos ay hindi na ang Hardin na una Niyang ginawa kundi ang Langit na mismo, kung saan, sa Kanyang piling[9], wala nang ano pa mang pagsubok at kakayanan o pagkakataon upang magkasala. Ang panahon nang pagsubok at ng paghihiwalay sa mga umiibig sa Diyos doon sa mga hindi ay natapos na. Ang sayangin ang pagkakataong ito upang maligtas ay pagpili natin na malagay tayo sa walang-hanggang pagsisisi[10]. Ngunit ang pagsisisi matapos ang kamatayan ay huli na. Ito na ang uod na hindi mamamatay, ang apoy na walang hanggang magliliyab sa atin (Mk 9:43-48).

**ANG MGA PANGAKO NG DIYOS**

Bago pa pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba mula sa Eden, ibinigay Niya sa kanila ang biyaya ng unang propesiya,[11] na nagpapakita ng Kanyang tulad-nang-sa-isang-Ama at walang

hanggang pag-ibig at pagtitiwala sa tao, sa kabila ng pagiging makasalanan ng tao. Ipinangako ng Diyos na Kanyang isusugo ang Kanyang Anak, na si Jesu-Cristo (ang Binhi ng Babae, ang Theotokos at Laging-Birheng Maria, sa pamamagitan ng Espiritu Santo), na Siyang tutubos sa tao sa mga bunga ng ginawa ng tao sa kaniyang sarili, sa panunulsol ni Satanas. Si Cristo ay lalabanan ang Diablo, ang pasimuno ng kasalanan at ama ng kasinungalingan.[12] Si Satanas ay palaging susubukang labanan ang Cristo, ngunit sa kabila ng lahat ng kaniyang mga gagawin, ay magtatagumpay lamang na mapasaan ang sakong ni Cristo (sa Kaniyang pagkakapako sa Krus). Sa huli, si Cristo ang siyang magtatagumpay sa pamamagitan ng matinding dagok sa ulo ni Satanas (sa pamamagitan ng Kaniyang Muling Pagkabuhay). Ang ipinangakong banal na Tagapaglitas na ito ay darating sa *takdang panahon* (Gal. 4:4), matapos mabigyan ng Diyos ng pagkakataon ang tao na maunawaan na kailangan niya ang Tagapagligtas.

Upang tulungan ang tao na maunawaan ang pangangailangang iyon, inilagay ng Diyos ang Kanyang Dakilang Plano. Ito ay naglalaman ng tatlong pangunahing bahagi,[13] na ang bawat isa ay magdadala sa mga handang sumunod patungo sa tamang daan ng kaligtasan. Una Niyang ibinigay ang kanyang PANGAKONG PAKIKIPAGTIPAN, sa pamamagitan ni Abraham, kung saan ang lahi ni Abraham ay siyang magiging bayan ng Diyos, kung sila ay susunod sa Kanya.[14] Ang tanda ng tipanang ito ay ang pagtutuli; at ang layunin nito ay ang ipakita ang pangangailangan ng pagiging hinirang ng bayan ng Diyos–hinirang mula sa iba pang mga nasa daigdig–at upang itatag ang isang bansa (ang Israel) at ang isang angkan mula sa bansang iyon (ang angkan ni David) kung saan magmumula ang kaligtasan (si Jesu-Cristo). Subalit, sa halip na sundin ang Diyos, karamihan sa mga lahi ni Abraham ay lumayo mula sa Diyos; sa halip na akayin ang mga pagano patungo sa Diyos ay sila pa ang naging mga pagano.

> Ang kasaysayan ng Lumang Tipan ay patungkol sa paghirang na nakaugnay sa magkakasunod na pagbagsak. Sa lahat ng ito, ang Diyos ay nagtitira ng labi kung saan ang kanilang matiyagang paghihintay ay naglilinis … hanggang dumating ang panahon na ang kalinislinisang Birhen ay handa nang isilang ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.[15]

Nang dumating na ang panahon na handa na ang tao, ibinigay na ng Diyos ang Kanyang NAKASULAT NA PAKIKIPAGTIPAN, ang “Kautusan,” sa pamamagitan ni Moises. Ang layunin ng “Batas ni Moises” ay upang ituro kung ano ang kasalanan sa pamamagitan ng pagpapakita kung ano ang pagiging wagas, na siyang kailangan upang muling makalapit sa kaluwalhatian ng Diyos. Bibigyan ng karanasang ito ng pagkakataon ang tao na maunawaan na hindi niya kayang makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang sarili lamang.[16] Dati ay isang kautusan lamang ang kailangang sundin nina Adan at Eba, ngayon ay naging sampu na.[17] Dagdag pa dito ay ang 613 na mga batas,[18] na kinakailangang sundin ng buong ingat– at ang paglabag sa isa man lamang sa mga ito ay para na ring lumabag sa lahat ng mga batas.[19] Ang bawat paglabag ay may katumbas na kailangang paghahandog o paghahain upang ipakita ang katotohanan na ang kasalanan (na sa ilalim ng pakikipagtipan ay nangangahulugan ng pagsuway sa Kautusan) ay nangangailangan ng katubusan.

Ang tao ay nakakulong sa isang walang-tapos na pag-ikot: siya ay makakagawa ng paglabag sa kautusan, magdadala ng kinakailangang paghahandog, at muling aalis at kuli na namang makagagawa ng paglabag. Ang walang-saysay na pag-uulit na ito ay nagpatuloy–hanggang sa–inihandog ni Jesu-Cristo ang Kanyang sarili bilang ang huling buhay na handog para sa sangkatauhan.[20]

Ang Diyos ay nag-utos sa mga Israelita na gumawa ng isang kaban na paglalagyan ng tapyas ng bato na kinasusulatan ng Sampung Utos at gumawa ng Tabernakulo (na pinalitan naman ng Templo ng mga sumunod na panahon) upang maging tahanan ng kaban. Ang kaban ay kailangang ilagay sa isang sagradong lugar na tinatawag na Dakong Kabanalbanalan, kung saan ang Diyos ay naroon upang makapiling ng Kanyang bayan.[21] Tanging ang Punong Pari ang maaaring pumasok sa Dakong Kabanalbanalan, at ito ay isang beses lamang sa isang taon, sa Araw ng Pagbabayad-Sala, upang mag-alay ng haing dugo, na kumakatawan sa Dugo ni Cristo na Kanyang iaalay para sa kaligtasan, at upang humingi ng tawad para sa mga kasalanan ng mga tao.[22] Ang Dakong Kabanalbanalan ay nakahiwalay sa pamamagitan ng isang tabing sa lugar na tinatawag na Dakong Banal,[23] kung saan ang mga pari sa Lumang Tipan ay nag-aalay araw-araw ng mga hain para sa mga tao alinsunod sa Kautusan. Ang tabing sa pagitan ng Dakong Banal at sa Dakong Kabanalbanalan ay kumakatawan sa katotohanan na dahil sa pagsuway, ang tao ay lumikha ng harang sa pagitan niya at ng Diyos.[24]

Hinayaan ng Diyos na maramdaman ng tao na wala silang kakayahan na iligtas ang kanilang sarili sa pamamagitan ng Kautusan, subalit hindi Niya pinahintulutan na sila ay mawalan ng pag-asa. Sa panahon ng Lumang Tipan, patuloy Siyang nagbigay ng mga tanda at mga propesiya tungkol sa pagdating ng Mesias, na Siyang magliligtas sa kanila mula sa kakila-kilabot at mahigpit na katayuan.

**ANG TAO AY NANGANGAILANGAN NG TAGAPAGLIGTAS**. Sa Banal na Kasulatan ay makikita na sina Enoch at Elias ay dinala ng buhay sa kalangitan sapagkat sila ay naging kalugod-lugod sa Diyos.[25] Sinabi ni San Juan Crisostomo na si Elias ay walang dungis, hindi tulad ng pagiging walang dungis ni Cristo, kundi ayon sa kalagayan sa kaniyang panahon.[26] Bagaman tayo ay inaasahan rin na maging walang dungis,[27] ang karamihan sa atin ay hindi nakaabot sa itinakdang pamantayan.

Kung kaya tayo ay nangangailangan ng Tagapagligtas, isang Tagapamagitan na siyang gagawa ng hindi natin kayang gawin. Nang dumating na ang panahon na naunawaan na ng tao ang katotohanang ito, tinupad na ng Diyos ang kanyang pangako sa Genesis. Isinugo niya ang Kanyang Anak, na sa Kanyang dalawang kalikasan, tunay na Diyos at tunay na Tao, ay pinagdugtong ang pagiging hiwalay ng Langit sa lupa,[28] at naging siyang hagdanan na nasa panaginip ni Jacob, na siyang naging daan patungo sa Kalangitan.[29]

Ang ating Panginoon ay namuhay na walang dungis at natupad ang hinihingi ng Diyos na pagsunod sa mga taong nais Siyang makapiling magpakailanman. Kanyang natupad ang kautusan at natamo ang Kaligtasan ayon sa Kautusan. Sa buong panahon ng pangangaral ni Cristo, ang Kanyang mga kaaway ay nagtangka na Siya ay mapatay,[30] subalit Kanyang binigo ang kanilang mga pagtatangka hanggang sa dumating ang tamang panahon.[31] Si Satanas ay naliligayang lubha sa kanyang pag-asa na kamatayan ng Anak ng Diyos, subalit malinaw na si Cristo ang Siyang may kapangyarihan sa sitwasyon. At sa itinakdang panahon ng Diyos, kusang inialay ni Cristo ang Kanyang buhay, sapagkat ito ang dahilan ng Kanyang pagparito.[32] Nang dahil sa kanyang mga ginawa upang si Cristo ay mamatay, lumampas si Satanas sa kanyang kapangyarihan at nahulog sa banal na bitag.

> Sa bitag ng kabanalan, ang pagiging tao ni Cristo ay siyang pain; nang sunggaban ng Demonyo ang kanyang biktima, siya ay nabitag ng sima-hindi niya maaaring malulon ang Diyos…
>
> GREGORIO NG NYSSA[33]

Si Cristo ay dumanas ng kamatayan, subalit hindi Siya maaaring ariin ng kamatayan sapagkat Siya'y walang-sala! Kung kaya, sa pamamagitan ng mas higit na kapangyarihan ng Diyos, Siya ay muling nabuhay–tinalo si Satanas at napagtagumpayan ang kamatayan.

> Habang ang kasalanan ay nagpaparusa ng kamatayan sa mga nagkasala lamang, hindi ito maaaring pigilan, sapagkat nasa panig ito ng katarungan. Subalit ng ipataw nito ang katulad na kaparusahan sa Kanya na inosente, walang sala, at bagkus ay marapat na bigyan ng korona ng karangalan at awit ng papuri … ito ay nawalan ng kanyang kapangyarihan.
>
> CIRILO NG ALEXANDRIA[34]

Ang kamatayan ni Cristo ay hindi isang halaga na itinakda ng Diyos bilang katubusan ng tao, sa halip ay dulot ng naging bunga ng kasalanan na namana ng lahat nang nabuhay simula kina Adan at Eba. Sa Kanyang Pagkakatawang-Tao, tinanggap ni Cristo ang marapat na paghihirap at kamatayan para sa tao. Ang mga kamatayan nilang mga nabuhay bago si Cristo, ay marapat lamang sapagkat ang lahat ay nagkasala. Walang anumang sapat na dahilan upang si Cristo ay mamatay, subalit bilang Siyang walang-kapintasang handog na Tupa,[35] malugod Niyang tinanggap ang bigat ng mga kasalanan ng tao. Habang Siya ay naghihingalo sa Krus, ang kalangitan ay nagdilim at ang lupa ay nayanig. Ang pabagsak na pag-inog ng mga nilikha ay natigil. Ang tabing ng Templo ay nahati sa dalawa sapagkat ang kamatayan ni Cristo ay tumubos at nag-alis sa harang ng kasalanan sa pagitan ng Diyos at ng tao, at nagbigay muli sa tao ng pagkakataon na makalapit sa Diyos.[36]

> Kanino ba inihandog ang Dugo na ibinuhos para sa atin, at ano nga ba ang dahilan at ito ay ibinuhos, itong napadakila at napakahalagang Dugo ng ating Diyos na Siyang parehong Pari at Handog? Sapagkat tayo ay nasa ilalim niyang Masama, napapasailalim sa pamamahala ng kasalanan, at sa halip ay tinanggap ang kasiyahan ng kasamaaan. Kung ang halagang pantubos ay ibinabayad sa kanya na siyang may hawak ng pautang; kanino ito ibinayad, ang aking tanong, at bakit? Kung sa kanya na Masama: ito ay nakapanghihinayang na pagkawala! Kung ang magnanakaw ay makakatanggap, hindi lamang mula sa Diyos, bagkus ay ang Diyos mismo bilang pantubos, higit na makatarungan na ito ay hindi na ibayad pa kaysa sa ang isang napakalaking halaga ay ibayad bilang kapalit ng kanyang kasamaan. Kung ito naman ay sa Ama ibinayad, paano ito nangyari? Sapagkat tayo naman ay hindi nakagapos sa pagkakautang sa Kanya. At isa pa, paanong ang Dugo ng Kanyang Bugtong na Anak ay magiging katanggap-tanggap sa Ama, gayong hindi nga Niya tinanggap ang kay Isaac nang ito ay ihandog ng kanyang ama at sa halip ay pinalitan Niya ang handog, pinalitan ng kambing ang dapat sana ay ang marapat na biktima? (Gen. 22:13).
>
> Hindi ba malinaw na Ito ay tinanggap ng Ama, subalit hindi Niya Ito hiningi, o kaya ay kailangan Ito; sa halip ay bilang bahagi ng Plano ng Kaligtasan. …
>
> GREGORIO NG NAZIANZUS[37]

Muling binuhay ni Cristo ang ilan, tulad ni Lazaro, subalit ito ay pansamantala lamang—sila ay muling humarap sa namatay. Ang ating Panginoon ang unang bunga mula sa mga patay[38] sapagkat Siya ay hindi na muling mamamatay pa. Matapos niyang mamalagi ng apatnapung araw sa lupa upang makita ng Kanyang mga Apostol at alagad, upang kanilang malaman na Siya'y muling nabuhay, at upang tiyakin sa kanila na may muling pagkabuhay

matapos ang kamatayan, Siya ay umakyat sa Kanyang Trono sa kanan ng Kanyang Ama, at doon ay maghihintay sa mga umiibig sa Kanya.

Ang ikatlo at panghuling KASUNDUAN SA DUGO sa Diyos ay napagtibay bilang katuparan ng mga Sinalita at Sinulat na Kasunduan bago ito. Bilang pagsunod sa mga isinasaad nito, ang lahat ng sumampalataya na si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos at tumatanggap at nagpapahayag na Siya ang Panginoon at Tagapagligtas, ang ipinangakong Mesias na Siyang magbubukas ng daan tungo sa walang-hanggang Kaharian, ay tatanggap ng kaligtasan. Sila ay ang Bagong Israel, ang mga inangking anak ni Abraham sa pamamagitan ni Cristo (Gal. 3:29), tinubos ng minsanan mula sa mga bunga ng kasalanan,[39] hindi dahil sa kanilang mga gawa kundi bunga ng pagiging bahagi ni Cristo sa pamamagitan ng Binyag, Banal na Komunyon, at pagsasabuhay ng pananampalataya. Ang pagkakaugnay na ito ay siyang tutulong sa kanila upang higit na makatanggap ng pag-ibig ng Diyos, na magbabago at magbibigay-daan sa kanila na matamasa ang Kanyang mga pangako (ang makabahagi sa mana ni Cristo).[40]

**ANG PANANAMAPALATAYA AY DAPAT PATUNAYAN**. Napakadaling sabihin ang, “Sumasampalataya ako;” subalit napakahirap mamuhay ng ayon dito—ito ang tunay na sukatan. Kahit ang mga *demonyo mismo ay naniniwala* (Jas. 2:19); nalalaman nila na mayroon ngang Diyos at may plano Siya para sa Kanyang mga nilikha—na kanilang tinalikuran mula sa pasimula. Kung kaya sinabi ni Cristo, *Hindi lahat ng tumatawag sa akin, “Panginoon, Panginoon,” ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit* (Mt. 7:21). Nilinaw ng Kasulatan na hindi sapat ang magsabi ng paniniwala at pagkatapos ay maging kampante na na sila nga ay ligtas na. Ang paniniwala ay dapat na patunayan sa pamamagitan ng pamumuhay alinsunod sa salita ng Diyos sapagkat ang *pananampalatayang walang gawa ay patay* (San. 2:20). Yaong mga nagsasabi na ang Diyos ang makapagsasabi kung ang sinuman ay may pananampalataya o wala kung kaya hindi na kailangan pang “patunayan” ang pananampalataya ay dapat na bigyang-pansin ang sinabi ni Pablo sa 2 Corinto 13:5.

> Sa bawat araw at bawat oras ay hinihingi sa ating ang patunay ng ating pag-ibig sa Diyos. Sapagkat ang Diyos, sa bawat araw at sa bawat oras, ay pinatutunayan ang Kanyang pag-ibig sa atin.
>
> ISAAC NA TAGA-SIRIA[41]

Tunay na alam ng Diyos ang mga nasa sa ating puso. Ang paghingi sa pagpapakita ng ating paniniwala sa Kanya habang tayo ay nabubuhay ay para sa ating kapakinabangan—hindi para sa Kanya. Isa itong pagpapala at hindi isang pasanin. Tutulong ito sa atin na huwag magsawalang-bahala. Pinakikilos at itinutulak tayo tungo sa pagpapakabanal, upang tayo ay makawala sa makasalanang kalikasan ng tao at *maging kabahagi ng banal na kalikasan* sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kabutihang-asal, karunungan, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, kabanalan, kabutihan at pag-ibig, kasama ng pananampalataya. Ang Kasulatan ay nangako na kung tayo ay makikibahagi ng buong makakaya sa pakikibaka para sa paglagong espiritwal, tayo ay makakapasok sa *walang-hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas, si Jesu-Cristo* (2 Pet. 1:2-11, Gawa 14:22).

*Dapat ninyong malaman, mga kapatid, na ipinangaral sa inyo na ang kapatawaran ng kasalanan ay sa pamamagitan ni Jesus. At ang lahat ng nananalig sa kanya ay pinatawad sa lahat ng pagkakasalang hindi maipatawad sa inyo sa pamamagitan ng pagtupad ng Kautusan ni Moises.*

*Gawa 13:38-39*

Sa ating panahon, isang batang *Abbot* ang pinayuhan ng isang taong Banal ng ganito: Sa panahon ngayon, maraming tao, dahil sa paghanap ng dahilan upang hindi gawin ang hinihingi ng Diyos sa kanila, ay humahanap ng mali sa mga itinuturo ng Banal na Iglesia at hindi sinusunod ang mga tamang paniniwalang Cristiano. Sa halip ay pinipili nilang paniwalaan ang anumang kanilang nais lamang paniwalaan. Ito ay katulad sa isang tao na naniniwala na hindi siya mamamatay, dahil sa naguguluhan siya kapag iniisip ang kamatayan. Siya ay hindi makakapaghanda para sa kamatayan, na dapat ay kanyang ginagawa; sapagkat kakailanganin pa rin niyang harapin ang kamatayan. Ang tamang paniniwala ay hindi nakabatay sa kung ano ang nais nating maging katotohanan; sa halip ay sa tunay na Katotohanan.[42]

## AWIT 129 (130)

## PAGHIHINTAY SA PAGLILIGTAS NG DIYOS

1Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y Panginoon.
2Kaya, Panginoon, ako'y dinggin pagka ako'y tumataghoy,
Dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.

3Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan,
Lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan.
4Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot,
Pinatawad mo nga kami upang sa 'yo ay matakot.

5Sabik akong naghihintay sa tulong mo, Panginoon,
Pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong.
6Yaring aking pananabik, Panginoon, ay higit pa
Sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.

7Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos,
Matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot,
Lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos.
8Ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang,
Ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.

## SI LEO NA DAKILA

## SI CRISTO BILANG KATUPARAN NG KAUTUSAN, ANG KARUNUNGANG PATULOY NA NAPAKAHALAGA PARA SA MGA UMIIBIG SA KANYA

At gayon nga, walang sinuman sa mga mananampalataya ang hindi binibigyang ng kaloob ng biyaya, kung kaya walang sinuman sa kanila ang hindi nasasakop ng patakaran ng buhay Cristiano. Sapagkat bagaman nawala na ang kabigatan na dulot ng simbolikong Kautusan, subalit ang pakinabang na natamo natin sa malayang pagsunod sa Kautusan ay mas lalo pang lumawak, tulad ng sinabi ni Juan na Mangangaral, *Sapagkat ibinigay ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises ngunit ang pag-ibig at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo* (Jn. 1:17). Sapagkat ang lahat ng nabibilang sa Kautusan, kahit na ang pagtutuli, o kaya ay ang iba pang mga handog, o kaya ay ang pagsunod sa Sabbath, ay nagbibigay-patunay kay Cristo, at nagpapakita ng biyaya ni Cristo.

Siya ang *hangganan ng Kautusan* (Rom 10:4), hindi dahil sa pinawalang-halaga Niya ito, kundi dahil sa tinupad Niya ito. At bagaman Siya ang may Likha ng Luma at Bago, winakasan na Niya ang malalim na kahulugan ng mga Simbolo at Pangako, dahil tinupad na Niya ang pangako at tinapos na ang mga hula, dahil Siyang inihula ay dumating na. Ngunit sa patakarang moral ay wala anumang pagbabago sa mga itinuturo ng Lumang Kautusan; sa halip pa nga ay pinalawak ang ilan sa kanila sa pamamagitan ng mga turo ng Mabuting Balita, upang ito ay maging mas malinaw at walang-kulang sa pagtuturo sa atin ng kaligtasan kaysa noong una na ipinangangako pa lamang nito ang Tagapagligtas.[43]

## Ang Ikalawang Hakbang: Pagpapatunay sa Pananampalataya

## ICON NG APAT NA MANGANGARAL



*Kailangan nating "Patunayan ang Pananampalataya" kay Cristo bilang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagtulad sa Kanya, sa paggabay ng mga sinulat patungkol sa Kanyang Buhay na nasa Mabuting Balita.*

O Maawaing Panginoon, ipahintulot Mo na ang Iyong walang dungis na liwanag ng kaalaman ay magliwanag sa aming mga puso, at buksan ang mata ng aming isipan upang maunawaan ang Iyong mabuting balita. Bigyan Mo kami ng pagkatakot sa Iyong Banal na Kautusan, upang kami, na nagtatakwil sa aming makalamang pagnanasa, ay maghangad ng Makalangit na pamumuhay at gawin at bigyang-pansin ang lahat ng mga bagay na kalugod-lugod sa Iyo.

Sapagkat Ikaw, Cristo aming Diyos, ang Pinagmumulan ng Liwanag ng aming mga kaluluwa at katawan, at sa Iyo ay iniuukol namin ang papuri, kasama nang Walang-hanggang Ama, ang Kabanalbanalan, Mabuti, at Nagbibigay-buhay na Espiritu, ngayon at magpakailanman, at magpasawalang-hanggan. Amen.

Panalangin bago ang Pagbasa sa Mabuting Balita
*Banal na Liturhiya ni San Juan Crisostomo*

*Sapagkat darating ang panahong hindi na nila pakikinggan ang wastong aral; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Mangangalap sila ng mga gurong walang ituturo kundi ang mga bagay lamang na gusto nilang marinig. Ibabaling nila sa mga alamat ang kanilang pansin at hindi na nila pakikinggan ang katotohanan. Kaya, maging mapagpigil ka sa lahat ng oras. Pagtiisan mo ang mga kahirapang dumarating sa iyo. Gampanan mo ang tungkulin ng isang mangangaral ng Mabuting Balita. Tupdin mo ang iyong mga tungkulin, bilang tagapaglingkod ng Diyos.*

2Ti. 4:3-5

**Ikalawang Kabanata**

## ANG LIHIM NG KALIGTASAN

> Maaring ang bawat isa sa inyo ay magsasabi sa inyong sarili: 'Ako ay sumampalataya, ako ay maliligtas.' Nagsasabi siya ng katotohanan kung sa kanyang paniniwala ay isasama niya ang mabuting gawa. Tunay nga ang paniniwala kung ito ay hindi itinatanggi nang gawa ang kanyang mga sinasabing paniniwala. Kung kaya sinabi ni Apostol Pablo patungkol sa mga bulaang mananampalataya: *Ang sabi nila'y kilala nila ang Diyos, ngunit ito'y pinabubulaanan ng kanilang mga gawa. Sila'y kasuklam-suklam at suwail at di nararapat sa anumang mabuting gawain* (Ti. 1:16). At dahil rin dito ay sinabi ni Juan: *Ang nagsasabing, "Nakikilala ko siya," ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan* (1Jn. 2:4).
>
> GREGORIO NA DAKILA
>
> *M.F. Toal, Sunday Sermons of the Great Fathers*

### PINAPAGING-BANAL SA PAMAMAGITAN NG PANINIWALA AT BIYAYA

Ang teolohiyang Orthodox ay hindi masyadong binibigyang-diin ang negatibong aspeto ng pagiging ligtas "mula" kay Satanas kundi ang positibong aspeto ng pagiging ligtas "dahil sa" pagpapaging-banal: paglago tungo sa wangis ng Diyos, pagsunod sa mga halimbawa ni Cristo (Gk.: *theosis*). Ito ay isang pamamaraan na naging posible bunga ng biyaya at pinag-alab ng pananampalataya. Nagsisimula ito sa buhay na ito at nagpapatuloy hanggang sa ating huling hininga dito sa lupa. Tayo ay naligtas dahil sa biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya.

> Si Jesus, ang Araw ng Katarungan, ay sumikat. Ang sinag ng espiritwal na Araw na ito ay kumalat sa lahat ng dako; at tunay nga na ang ilan ay tumanggap ng mas kakaunting biyaya, at ang ilan ay higit; hindi dahil sa ito ay gawa ng biyaya kundi dahil sa ating naging pagtanggap dito ang naging sukatan. Kung paanong ang araw ay nagbibigay liwanag sa buong kalawakan, at ang sinag nito at kinang ay iisa, subalit, hindi ito nagbibigay ng pare-parehong liwanag sa buong daigdig. Sa ilang bahagi ay mayroong kahanga-hanga at matingkad na liwanag, at sa ilan naman ay mas kakaunting liwanag. Ang bahay na ito ay may kakaunting liwanag ng araw, at ito namang isa ay may mas higit na liwanag; hindi ito dahil sa ang araw ay nagbibigay ng higit na liwanag sa bahay na ito kaysa sa iba, kundi dahil sa mga bukas na bintanang inilagay ng mga gumawa ng bahay kung kaya mas marami itong silid na napapasukan, at nabibigyang-liwanag. At sapagkat ang ating mga isip at layunin ang bintana ng ating kaluluwa, kapag wagas mong binuksan ang iyong puso, ikaw'y tatanggap ng higit, umaapaw, na banal na kaloob; kung iyong paliliitin ang bintana ng iyong kaluluwa, ikaw'y tatanggap ng mas kakaunting biyaya. Buksan mo ng wagas ang iyong puso at kaluluwa sa Diyos, upang ang Kanyang kaningningan ay pumasok sa iyo.
>
> CRISOSTOMO[44]

Ang paraan ng kaligtasan ay pagtutulungan. Ito ay magkasamang pagkilos ng tao at Diyos, "na magkakasabay na nakalipas, kasalukuyan at hinaharap."[45] Bilang mga Cristianong Orthodox ay sinasabi nating:

**AKO AY INILIGTAS …** nang si Jesu-Cristo ay mamatay sa Krus upang tubusin ako mula sa aking mga kasalanan (Heb. 10:10). Ginawa niyang posible ang aking kaligtasan. Bago ito, ang tanging daan tungo sa Langit ay ang pagiging walang-dungis na pagsunod sa Kautusan,[46] isang hindi magagawang bagay.

Ang “pagbabayad” ng Panginoon sa kabayaran ng ating kasalanan ay hindi dapat bigyang-kahulugan na Siya ay nagbigay ng kabayaran sa kung sinuman kundi bilang isang Tagapagligtas na tumanggap ng napakabigat na parusa sa maling nagawa ng iba. Nang Siya ay nagkatawang-tao, ipinasakop ng Anak ng Diyos ang Kanyang sarili sa kamatayan, na nakuha ng tao bunga ng kasalanan. Subalit si Cristo ay walang-sala, kung kaya ang kamatayan ay hindi Siya nasakop. Gayundin naman, sa ilalim ng Kasunduan sa Dugo, ang kamatayan ay hindi maaring masakop ang sinuman na nakipag-isa na kay Cristo sa pamamagitan ng Binyag at Banal na Komunyon bilang bahagi ng buhay pananampalataya.

**AKO AY LIGTAS …** sapagkat aking nalalaman ang mga lihim na ibinahagi ni Cristo (Mt. 13:35; Eph. 3:8-12): na ang daan tungo sa Kaharian ay sa pamamagitan Niya, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng lahat ng humahanap sa Kanya.[47] Subalit, halimbawa, kung ako ay nag-aaral ng asignatura ng matematika, ako ay hindi papayagan ng guro na basta ko lamang sabihin na alam ko na ang mga prinsipyo ng siyensyang ito at makakakuha na ako ng pasadong marka! Ako ay bibigyan muna ng pagsusulit. Bilang kahalintulad, ang paniniwalang sinasabi ay hindi tunay na pananampalataya maliban na ito ay nasubok na bilang bahagi ng buhay. Kung kaya, sa kabuuan ng katotohanan, ay ating sinasabi na …

**AKO AY INILILIGTAS …** (nagpapatuloy sa kasalukuyan: Heb. 10:14) sapagkat kinakailangang ipakita ko ang aking paniniwala na si Cristo ay ang Mesias, (2 Th. 2:13-15) sa paraang itinakda ng Diyos: sa pamamagitan ng aking masikap na pagtulad sa Kanya, sa pamamagitan ng pagsunod. Ang walang-dungis na buhay ng ating Panginoon ang halimbawang sinusunod.[48] Ito ay isang pamamaraan. Tulad ng isinulat ni San Pablo, kinakailangan na tayo ay magpatuloy upang maging ganap.[49] Tayo ay palaging nagiging kung ano tayo dapat sa pamamagitan ng pananampalataya at Binyag[50] —— bahagi ng Katawan ni Cristo. Ang kakayahang ito ay likas sa atin bilang isang gabay mula sa Diyos, katulad ng ipinakikita ng likas na pagnanais ng bata na tularan ang mga katangian ng kanilang mga hinahangaang bayani. Ang tulak ng damdamin na ito ay dapat pagyamanin at ituon tungo sa marubdob na pagnanais na tularan ang mga katangian ng ating Tagapagligtas, ang ipakita ang ating pagmamahal at pananampalataya sa Kanya, at ang maghanda para sa buhay sa Kanyang kaharian, kung saan lahat ay banal.[51] Ang magiging bunga ng ganitong uri ng buhay ang mga “mabubuting gawa” ng bagong kasunduan, na lubhang kaiba mula sa makabatas na gawa ng Batas ni Moises. Ang mga ito ay hindi magbibigay sa atin ng lugar sa Langit kundi mahalagang pagpapakita ng paniniwala at bahagi ng paglagong espiritwal. Ito rin ang pamamaraan upang maisagawa ang mga bagay na nais ng Diyos maisagawa, ang Kanyang bayan bilang Kanyang kamay at paa, mata at puso.[52] Ang anumang gawa na hindi bunga ng pananampalataya ay walang halagang espiritwal,[53] sapagkat nagbubunga lamang ito ng mga pakinabang na lumilipas. Ang mga gawa na ginawa sa ngalan ni Jesu-Cristo at bunga ng pananampalataya sa Kanya ay magbubunga ng hindi maitatangging pakinabang. Ang mga gumawa nito ay pagpapalain ng biyaya, na magpapalakas sa kanya ayon sa kanyang pagsisikap at tutulong sa kanya na magpatuloy sa paggawa na nagpapatunay ng kanyang paniniwala. Ang mga nakatanggap ng pakinabang ng mga mabuting gawa na ginawa sa ngalan ni Cristo ay nakatanggap, pinakamahalaga, ng patikim ng pag-ibig na naghihintay sa kanya sa Kaharian, kung siya rin ay mananalig.

**AKO AY ILILIGTAS …** sa biyaya ng Diyos — kapag ang aking buhay, ang aking pagkakataon upang pumili at isabuhay ang aking pinili ay tapos na, o kaya ay dumating na ang Ikalawang Pagparito ni Cristo, alinman ang mauna (Rom 10:19). Ang pangyayari kina Enoch at Elias na dinala ng tuwiran sa Langit ay pagpapahiwatig na yaong mga nabubuhay pa sa pagbalik ni Cristo, ay hindi na daranas pa ng kamatayan.[54] Alinman sa dalawa, ako ay haharap sa Paghuhukom,[55] tanging ang Diyos (sa pamamagitan ng Kanyang Anak na nasa Trono ng Kanyang Kaluwalhatian) ang nakakaalam kung, dahil sa mga taas at baba ng buhay, ako ay nanatili bilang bahagi ng Katawan ni Cristo dahil sa pananampalataya at pag-ibig. Ang aking buhay ay huhusgahan hindi ayon sa aking mga naging tagumpay at kabiguan kundi kung ako ay tunay na nagsikap, nang dahil sa pananampalataya, na mamuhay ng ayon sa halimbawa ni Cristo. Sina Adan at Eba ay inaasahan na sumunod sa iisang utos na ibinigay ng Diyos sa kanila. Tayo ay inaasahan na magsumikap na tularan sa lahat ng bagay ang halimbawa ni Cristo, bilang pagkilala natin sa Kanya bilang Tagapagligtas, Panginoon at Mananakop, at kapag tayo ay nakagagawa ng pagkukulang, ay muli tayong tumayo at magpatuloy sa pag-ahon. Ang Pahayag 20:12-13 ay malinaw na nagtuturo na ang ating pananampalataya ay hahatulan ayon sa ating gawa.

*Tanging isang buhay–anumang sandali ay magwawakas; tanging ang mga ginawa para sa Diyos ang mananatili!*

Ano ang bahaging ginagampanan ng "biyaya" ng Diyos sa ating kaligtasan?[56] Ang biyaya ay ang "enerhiya" ng Diyos na inilaan para sa tao upang siya ay gawing banal para sa Kaharian. Hindi tayo maaring makibahagi sa kalikasan ng Diyos, subalit sa pamamagitan ng Kanyang enerhiya ay ginawa tayong banal batay sa ating pakikibahagi. Ang gawang tama o kaya ay pagsisikap na gumawa ng gayon ay kaagad na tinutugunan ng Espiritu Santo, na Siyang nagkakaloob ng biyaya batay sa ating pagsisikap.[57] Kung wala ang biyaya, ang paglago sa imahe ni Cristo ay hindi magagawa!

> Ang biyaya ng Diyos ay hindi makakarating doon sa mga tumatakas palayo sa kaligtasan. O kaya ang gaano mang kabutihan ng tao ay magiging sapat sa sarili nito upang maitaas sa isang tamang pamumuhay yaong mga kaluluwa na hindi pinagkalooban ng biyaya. … Subalit kung ang pagiging mabuti sa mga gawa at ang biyaya ng Diyos ay maging magkasama sa isang kaluluwa, ang mga ito ay siyang magpupuno para sa isang pinagpalang buhay.
>
> GREGORIO NG NYSSA[58]

At sa oras ng Paghuhukom, ang biyaya ang magpupuno para sa mga pagkukulang noong mga namuhay, na kung titimbangin, ay nagpakita ng pananampalataya. Tayo ay tinatawag ng Diyos na maging ganap bilang pagtulad sa ating Panginoon upang mapatunayan ang pananampalataya at paglago sa Kanyang wangis (kabanalan). Kanya lamang na hinihingi na tayo ay magpatuloy na magsikap sa abot ng ating makakaya—ang Kanyang biyaya ang may pagkahabag na magpupuno sa mga puwang.[59] Kung kaya tayo ay patuloy na dumadalangin: *Kyrie Eleison*, Panginoon, maawa ka.

Ang bahaging ginampanan ni Cristo sa ating kaligtasan ay ganap. Ginawa Niya ang kinakailangan upang ang ating pakikipag-isa sa Diyos ay muling maganap. Ang ating bahaging ginagampanan ay personal. Ang ating sariling espiritu, na ayon sa sinulat ni Pablo,[60] ay kumikilala sa Cristo bilang Mesias at nagpapakita ng pananampalataya sa antas ng misteryo sa pamamagitan ng panalangin, Binyag, Kumpil, Eukaristiya, at iba pang Misteryo (Sakramento) ng Iglesia. Ang ating panlabas naman na anyo ay nagpapakita ng pananampalataya sa antas

ng moralidad sa pamamagitan ng pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa na nasa isang tamang pakikipag-ugnayan sa Diyos, sumusunod sa halimbawa ni Cristo.

Ang ating kaligtasan ay magiging ganap, "isa nang ganap na pangyayari" kapag tayo ay namatay na. Ang ating kaluluwa ay agad na haharap sa paghuhukom at atin nang matatanggap, nang hindi pa kasama ang ating katawan, ang patikim niyaong ating pinaghandaan, tulad ng sa isang panaginip habang natutulog. Kung ang pananampalataya kay Cristo ay nagpakita ng paghahangad ng pakikipag-isa sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod, ating mararanasan ang kaligayahan sa piling Niya. At, sa Ikalawang Pagparito ni Cristo, tayo ay muling bubuhayin, na may bagong katawan, at tutungo sa ganap na Kaharian.

Kung pipilitin na magbigay ng isang maikli ngunit kumpletong sagot sa tanong na, Ikaw Ba'y Ligtas?, ang maikli at pinakatamang tugon ay: "sa biyaya ng Diyos, AKO AY INILILIGTAS" (lumalago sa pagiging pinapaging-banal sa pamamagitan ng pamumuhay na may pagsunod kay Cristo upang patunayan ang aking pananampalataya at pag-ibig, na isa ring paghahanda ko para sa buhay sa Kalangitan).[61] Subalit kinakailangan na tayo ay magsumikap na magkaroon ng ganap na pagkaunawa sa malawakang-saklaw na bahagdan ng pamamaraan ng kaligtasan at maging handa at may pananabik na ibahagi ang nagbibigay-buhay na kaalamang ito sa iba. Ang gawin ito ay siyang pinakadiwa ng uri ng pag-ibig na ginawa at itinuro ni Jesus.[62]

**ANG DALANG PANGANIB NG PANINIWALA SA "KAGYAT NA KALIGTASAN"**

Mayroon na mga nagpapahayag ng tinatawag na konsepto ng "kagyat na kaligtasan", na labag sa mga ipinangaral ng sinaunang Iglesia, kung kaya, ganoon rin sa teolohiyang Orthodox. Kanilang ginagamit na batayan mula sa Biblia ang Roma 10:9: *Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka*. Na ang tanging daan ng kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas ay hindi bagay na pagtatalunan. Ang pananampalatayang Orthodox ay maiiba lamang doon sa iba, kapag sila ay naniniwala na ito ay biglaang nagaganap: na kinakailangan lamang na bigkasin ng labi na si Jesus ay Panginoon, ay maaari nang magsabi na "Ako ay Ligtas!" Yaong mga nagpapahayag ng ganito ay kadalasang nagpapakita ng uri ng kasigasigan na kapwa kahangahanga at nakakatakot. Kahangahanga, sapagkat nagpapakita ng pananampalataya na tulad ng sa isang bata; na may lakas ng matibay na pananampalataya na tulad ng ipinakita ni Pedro noong ipahayag niya na si Jesus ay ang Anak ng Diyos na Buhay (na nagtulak sa Panginoon na mangako na itatatag Niya ang kanyang Iglesia sa kasingtatag ng bato na pananampalataya).[63] Nakakatakot, sapagkat yaong mga napapasama dito ay alinmang madala sa kapayakan ng mensahe o kaya naman makasugat ng damdamin dala ng kapusukang kaugnay nito: mayroon silang marubdob na pagsisikap na maging kalugod-lugod sa Diyos, subalit mali ang batayan (Ro 10:2).

Ang pagiging payak nito ay maaaring magdulot ng hindi pagbibigay-pansin sa pangangailangan para sa pagpapatuloy sa pamamaraan ng pagpapaging-banal, sapagkat ang paniniwalang ito ay nagpapalakas sa matinding paniniwala niyaong nais na kilalanin sila bilang mga Cristiano subalit ayaw namang mamuhay tulad ng mga ipinangaral ni Cristo. Sila ay malayang sundin ang mga pamamaran ng daigdig habang may buong paniniwala na sila ay mapupunta sa Langit kapag sila ay namatay, nakatitiyak na dahil sa si Cristo ay namatay para sa mga makasalanan ay hindi na kinakailangan pa na "gumawa" ng kahit ano kundi ng kanilang nais gawin. Sa kabilang banda, ang kapusukan niyaong mga nagpapahayag ng paniniwala sa "kagyat na kaligtasan", na kadalasan ay nagpupumilit na ang lahat ay dapat maniwala ng tulad ng sa kanya, ay maaaring magdulot sa iba na kumontra at isara ang kanilang mga isipan ng

tuluyan para sa ganitong bagay. Alinman sa ganoong pangyayari, si Satanas ay nagtagumpay sa kanyang layunin, yaon ay ang pabagalin o kaya naman ay pigilan ang paglagong espiritwal. Ang hindi-binigyang-linaw na pahayag na "Ako ay Ligtas!" ay nagpapaalala rin sa naging ugali ng Fariseo, na ang tinig ay umalingawngaw sa pagpuri sa kanyang sarili at ang kayabangan at at kawalan ng kababaang-loob ay tinuligsa ni Cristo. Ang mapagsising kalooban naman ng maniningil ng buwis na hinahampas ang kanyang dibdib at bumubulong na *O Diyos, maawa ka sa akin na makasalanan* ay pinuri ni Jesus, na nagsabi, … *sapagkat ang sinumang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas* (Lk 18:9-14).

Ang Kasulatan ay mauunawaan lamang ng tama sa pamamagitan ng kabuuan nito, at hindi sa mga baha-bahagi lamang na wala ang kasamang kahulugan. Ang ipilit na bigyang-kahulugan ang isang pangungusap ayon sa literal na kahulugan ng bawat salita ay pangtanggap sa *letra* lamang at hindi sa *diwa*[64] nito, na siyang naging dahilan kung kaya ang bayang Hebreo ay hindi tanggapin si Cristo bilang kanilang Mesias. Upang higit na maunawaan ang Roma 10:9, kinakailangan na alalahanin natin na si San Pablo ay nagpapahayag sa mga Judio sa Roma at sumusubok na tulungan sila na maunawaan na sila ay hindi na kinakailangang maging nakasandig pa sa Batas ni Moises upang makamit ang kaligtasan. Ang Kautusan ay hinalinhan na ng Tipan sa Dugo, kung saan ang pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas ang tanging batayan (Jer 31:31-34). Subalit, malinaw na ipinaliwanag rin ni Pablo sa Roma 3:31 na ang Kautusan ay hindi pinawalang-bisa ng Pagparito ni Cristo bagkus ay ginawang ganap ito, tulad ng malinaw na makikita sa mga salita mismo ni Jesus sa Mateo 5:17.

**KINAKAILANGAN TAYONG LUMAGO AYON SA WANGIS NI CRISTO.** Ang mensahe ng aklat ng Roma, kung titingnan sa kabuuan, ay ang kung tunay tayong naniniwala na si Cristo ay ang Tagapagligtas, matututunan natin na tanging sa pagsusumikap na mamuhay ng katulad ng sa kay Cristo maipakikita ang ating pananampalataya, at tayo ay maliligtas (pang-hinaharap). Ang pagtulad kay Cristo ay kabibilangan ng pagmamahal sa kapwa, ang lagom ng Sampung Utos at ng Kautusan.[65] Nangangahulugan ito ng pagkakaloob ng ating sarili para sa kapwa tulad ng Kanyang ginawa para sa atin. Nangangailangan ito ng pisikal at espiritwal na pakikipaglaban, kung kaya tayo ay hinihimok ni San Pablo na *magpakasakit* tulad ng sa isang kawal at *makibahagi ayon sa mga patakaran tulad ng sa isang manlalaro* (2 Tim 2:3-5); *isuot ninyo ang baluting kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo* (Efeso 6:11); *at may takot at panginginig na magpatuloy kayo sa paggawa hanggang sa malubos ang inyong kaligtasan* (Fil 2:12). Kanyang binigyang-diin na kung iniibig natin si Cristo, *ang pagliligtas sa atin ay higit na malapit ngayon kaysa noong tayo'y magsimulang manalig sa kanya* (Rom 13:11), na nangangahulugan na kung tayo ay namumuhay "kay Cristo" (nakikipag-isa sa Kanya sa pamamagitan ng Binyag, Eukaristiya, at pagsasabuhay ng pananampalataya), tayo ay higit na napapalapit sa pagkakamit ng kaligtasan, na matitiyak lamang kapag ang buhay natin dito sa lupa ay nagwakas na at natapos na natin ang pagsubok sa pananampalataya. Habang tayo ay nabubuhay pa, tayo ay maaaring maligaw sa landas ng Diyos, subalit *ang manatiling tapat hanggang sa wakas ang siyang maliligtas* (Mk 13:13), at magkakamit ng *putong ng buhay* mula mismo kay Cristo (Pah 2:10).

Ang konsepto ng kagyat na kaligtasan ay kilalang pormal sa tinatawag na "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang."[66] Ang teolohiyang Orthodox ay nagpapatibay na ang mananampalataya ay pinawalang-sala, ginawang walang-sala, nang mapagligtas na mga ginawa ni Cristo, subalit nagbibigay-diin ng higit pa sa *pagpapawalang-sala,* bagkus, ay sa *pagpapaging-banal* dahil sa pananampalataya—sa pamamagitan ng biyaya[67]—at hindi tinatanggap ang salitang "lamang," na nakasandig sa

paniniwalang hindi na kinakailangan pa ang gawa o pagkilos upang patunayan pa ang pananampalataya. Si Martin Luther ay isang dating paring Romano Katoliko na nagbigay-diin sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang dahil sa kanyang mabigat na pagkabahala sa legalistikong higit-pagbibigay-pansin sa gawa na nakapasok na sa teolohiya ng Iglesia Romano (na nagsimula noong ika-16 na siglo sa pagbebenta ng indulhensya, na nagbibigay ng kaisipan na maaaring bilhin ang kaligtasan). Ang pangamba ni Luther ay may batayan at ang kanyang layunin ay mabuti, subalit ang kanyang teolohiya (na siyang pinagsimulan ng Repormasyong Protestante) ay siyang naging dahilan sa pagkasira ng mahalagang ugnayan ng ipinahahayag na pananampalataya at mga kinakailangang bahagi ng buhay na tulad ng kay Cristo (San 2:14-26).

Ang "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang" ay kadalasan na sumasakop sa dalawang pananaw: (1) matapos ang pagpapahayag ng pananampalataya, ang mabuting gawa ay kusang magiging bunga, ngunit *hindi* kinakailangan para sa kaligtasan; o kaya (2) matapos ang pagpapahayag ng pananampalataya (na itinuturing na biyaya ng Diyos), ang Espiritu Santo ay magsasagawa ng pagbabago sa buhay ng isang tao at *magdudulot* sa kanya na lumago sa wangis ni Cristo.[68] Ang naunang pananaw ay hindi malinaw, kulang sa kinakailangang kaunawaan para sa madaliang pagkilos na itinuro ng sinaunang Iglesia. Nakalulungkot, kadalasan tayo ay hindi agarang gumagawa ng mga kinakailangang gawin, maliban na lamang na nakita natin ang lubhang pangangailangan nito. Ang huling pananaw naman ay nag-aalis ng anumang gawain sa atin at iniaatang lahat sa Diyos, at nag-aalis naman sa kabuluhan ng malayang kalooban.

Sa kabaligtaran, ang Luma at Bagong Tipan, mula sa mga halimbawa nina Adan at Eba, hanggang sa bulag na lalaki na naibalik lamang ang paningin matapos siyang sumunod sa utos ng Panginoon na *pumunta at maghugas sa deposito ng tubig sa Siloe* (Jn 9:7,11), ay nagpapakita ng katunayan na ang plano ng Diyos para sa ating kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas ay siyang umiiral subalit nangangailangan na isabuhay natin ang ating pananampalataya at mapasailalim sa Kanyang paghatol. Ang Aklat ng Hebreo ay nagbigay ng maraming halimbawa ng pananampalataya ng bayan ng Diyos, bumabanggit ng mga pangyayari kung saan ay *nakalupig sila ng mga kaharian, gumawa ng matuwid, at nagkamit ng mga ipinangako ng Diyos, nagpatikom sila ng bunganga ng mga leon … at dahil sa kanilang pananalig sa Diyos, isang kasaysayang di-malilimot kailanman ang kanilang iniwan*. (Heb 11:32-39). Hindi lamang nila basta ipinahayag ang kanilang pananampalataya, pinatunayan nila ito sa pamamagitan ng kanilang buhay (ng kanilang mga gawa).

## ANG DAAN UPANG PATUNAYAN ANG PANANAMPALATAYA

Ang pinakamahalagang bahagi ng ating gawain para sa Diyos, at ang daan upang ipakita ang pananampalataya at pag-ibig kay Cristo, ay kapwa sa pisikal at espiritwal na paraan pakainin ang mga nagugutom, painumin ang mga nauuhaw, tanggapin ang mga dayuhan, bihisan ang mga walang kasuotan, paglingkuran ang mga maysakit at dalawin ang mga nakakulong.[69] Si Jesus mismo ang nagturo sa atin na kapag tayo ay tumutulong sa mga nangangailangan, tayo ay naglilingkod sa Kanya. Hindi ito nangangahulugan ng paminsan-minsang gawa. Ang pagsasagawa ng gawain para sa Diyos ay kinakailangang maging bahagi ng buhay—*Buhay na na-kay-Cristo*—at dapat maging kabahagi ng lahat ng parte ng ating pang-araw-araw na buhay. Kinakailangan nating laging isaisip ang katanungang, "Sa ganitong pagkakataon, ano ang gagawin ni Jesus?" At pagkatapos ay dapat tayong *magsikap* na mamuhay ng naaayon doon.

> Kung ang Cristiano, sabi ni Abba Agaton, ay palaging isasaisip sa lahat ng sandali ang paghuhukom matapos ang kamatayan, hindi siya magkakasala ng ganoon kadali lamang.[70]

Sinabi ni Jesus na kung tayo ay *hindi sa* Kanya, tayo ay *laban sa* Kanya,[71] na nangangahulugan na ang Kaharian ay kinakailangan masusing pagsumikapan. Ang pagwawalang-bahala ay katumbas ng pagwawalang-halaga. Ang Pahayag 3:16 ay nagbabala na ang Diyos ay isusuka ang mga walang-sigla sapagkat hindi sila nagpakita ng kanilang mga paninindigan. Binigyan tayo ng Diyos ng buhay upang pumili at ipakita ang ating pinili sa pamamagitan ng lahat ng ating gawa at mga pasya.

Ang ikalimang kabanata ng Roma ay naglalahad ng kaloob na maaaring mapasaatin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, subalit ang ikaanim na kabanata ay nagpapakita ng *bagong buhay* na kinakailangan nating lakaran, tungo sa kabanalan at buhay na walang hanggan sa piling Diyos (6:22). Ito ay nagsasabi sa atin na dapat tayo ay maging *alipin ng Diyos*. Ang sabihin na kinakailangan nating patunayan ang ating pangako kay Cristo ay hindi pagwawalang halaga sa katotohanan na ang kaligtasan ay kaloob ng Diyos. Walang anumang halaga ng salapi ang maaaring makabili sa kaligtasan, at wala tayong anumang "gawa" na maaaring makakuha nito para sa atin. Malinaw, sa gayon, na kung hindi ito maaaring mabili o kaya ay matumbasan ng gawa, noong mga tumanggap nito, ang kaligtasan ay kaloob. Sa ilalim ng Tipan ng Diyos sa Dugo, ang kasindak-sindak na kaloob na ito ay ibinibigay doon sa mga namuhay na nagpapakita ng pananampalataya kay Cristo, ganoon man sila hindi karapat-dapat, sapagkat kinakailangan na tayo ay walang magawang anumang kasalanan, tulad ni Jesus, upang matamo ang kaligtasan.

Ang mga gawa na bahagi ng buhay tulad ng kay Cristo ay hindi lamang nagpapakita ng pananampalataya kundi dulot at nagpapakita ng paglagong espiritwal, na hindi magaganap kung walang gawa. Ang buhay espiritwal ay tulad nito: buhay na gumagana sa antas na espiritwal—sa pananalangin, sa pagbubulay sa mga katotohan ng Diyos, pagtuturo ng Kanyang mga aral, pagsasagawa ng Kanyang gawain, pagbibigay ng ating panahon, kakayahan at pag-aari, kaninuman at saanman tayo naroon. Yaong mga nakikibahagi sa ganitong uri ng pagsasabuhay ng pananampalataya ay patuloy na lalago sa wangis ng Diyos at makakalikha ng mayaman at kalugod-lugod na pakikipag-ugnayan sa Kanya at patuloy na lalago sa habang-panahon. Ang ganitong ugnayan ay makikita sa pangalan na Kanyang isusulat sa puting bato na Kanyang ibibigay sa bawat isa na Kanyang iniibig sa pagpasok nila sa kaganapan ng Kaharian.[72] Sa pinagpalang lugar na iyon, ay wala ng anumang paghihilian o kaya ay pagpapaligsahan sapagkat ang bawat uri ng pakikipag-ugnayan sa Diyos ay magiging pansarili—ibinabahagi lamang sa Diyos.[73]

## SI GREGORIO NA DAKILA

## ANG PANGYAYARI NA NAGBUKAS SA PINTUAN NG PARAISO

Gaano man kaganap na namuhay noon ang mga Ninuno bago ang Pagparito ng Panginoon, hindi sila dinala sa Kaharian hanggang sa binuksan ni Cristo ang pintuan ng Paraiso sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. Sila ay bumubulong-bulong sapagkat sila ay namuhay ng ganap upang makapasok sa Kaharian, subalit kinailangan na sila ay maghintay ng matagal bago sila nakapasok doon. Sila ay nagpakahirap sa Ubasan, subalit ang lugar ng hades, gaano man kapayapa, ang pinagdalhan sa kanila, matapos na sila ay mamuhay ng ganap. … Matapos lamang ang napakahabang panahon sa hades bago sila, sa wakas, ay narating ang kaligayahan ng Kaharian. Tayo naman, samantala, na dumating sa ikalabing-isang oras ay bumubulong-bulong hindi dahil sa ating mga gawa. … Sapagkat dumating tayo sa daigdig na ito matapos ang Pagparito ng Tagapamagitan, agaran tayong dinala sa Kaharian matapos ang ating paglisan mula sa ating katawan; at tinanggap natin nang hindi na kailangang maghintay pa ng matagal yaong tinanggap ng mga sinaunang mga Ama matapos ang mahabang paghihintay.[74]

## SI SAN JUAN CRISOSTOMO

## SA PAGHAHATOL

Matapos isaalang-alang ang lahat ng bagay at buong-pusong paniniwala sa mga ito: na matapos ang kasalukuyang buhay na ito tayo ay haharap sa nakakatakot na hukuman, na tayo ay magsusulit para sa lahat ng ating mga ginawa, na tayo ay tatanggap ng kahatulan at pagdurusahan ang kaparusahan kapag tayo ay nagpatuloy sa ating mga kasalanan, o kaya naman, sa kabilang banda, tayo ay tatanggap ng putong at hindi mabilang na mga mabubuting bagay, kung sa ating maikling buhay tayo ay may pagpapahalaga sa ating kaluluwa, at ating sasansalain yaong mga nagpapahayag ng laban dito. Tayo ay lumakad sa landas ng kabutihan, upang habang tayo ay may payapang kalooban na haharap sa hukuman, ay ating tatanggapin ang mga mabubuting bagay na Kanyang ipinangako sa atin, sa biyaya at awa ng ating Panginoong Jesu-Cristo, at nasa sa Kanya ang karangalan at kapurihan ngayon at magpakailanman. Amen.[75]

**Ang Ikatlong Hakbang: Humarap sa Paghuhukom**

**ICON NI CRISTO, ANG PANTOCRATOR**




*Si Cristo, ang Pantocrator, ang Tagapamahala sa lahat, na Siyang hahatol sa mga buhay at patay sa pamamagitan ng katotohanan na matatagpuan sa Kanyang mga Mabuting Balita (Rom 2:16). Tayong lahat ay "Haharap sa Paghuhukom."*

Nang siya ay malapit ng mamatay, ang Banal na si Agathon ay tatlong araw na nanatiling hindi kumikilos sa kanyang higaan, bukas ang kanyang mga mata at nakatingin sa Kalangitan. Nang ikatlong araw, nang bahagyang umayos ang kanyang kalagayan, ang kanyang mga alagad, na mga nakapalibot sa kanya, ay humiling sa kanya na sabihin kug nasaan ang kanyang kaluluwa noong nakalipas na mga araw.

"Sa harap ng Paghuhukom ng Diyos," kanyang pabulong na sagot, na may panginginig. "At natatakot kayo, Padre?" may pagkabahalang tanong ng kanyang mga alagad.

"Sinikap ko, sa abot ng aking makakaya, na sundin sa buong buhay ko ang mga kautusan ng Diyos. Subalit ako ay isang tao. Paano ko malalaman kung nalugod sa akin ang Diyos?" tugon na may matinding kasakitan, niyang banal. "Hindi ba kayo nakatitiyak na ang inyong mabubuting gawa ay nakalugod sa Diyos?" tanong na may pagtataka ng mga monghe.

"Malibang ako ay nasa harapan na ng Diyos, hindi" tugon ng banal, "sapagkat ang tao ay humahatol gamit ang isang panukat at ang Diyos naman ay nang iba pa." Ang kapatiran ay marami pang bagay na nais itanong para sa kapakinabangan ng kanilang kaluluwa, subalit ang banal ay sumenyas sa kanila na huwag ng magsalita pa.

"Ako ay may pinagkakaabalahan," kanyang bulong.

Ang kanyang mukha ay biglang nagliwanag! Nakita ng kanyang mga alagad na siya'y umalis sa walang kabuluhang mundong ito tungo sa buhay na walang hanggan na may katuwaan na tulad ng nadarama ng isang maglalakbay tungo sa kanyang minamahal na kakilala.

Archimandrite Crysostomos,
*The Ancient Fathers of the Desert*

## Ikatlong Kabanata

## ANG DAAN TUNGO SA KAHARIAN

Si pinagpalang Synkletike ay nagsabi sa kanyang kapatirang Madre na, "Yaong mga nagsisimulang mamuhay ng nasa Diyos ay makararanas ng mga hirap at pagsubok sa pasimula, subalit pagkalipas noon, ay makakatagpo ng hindi maipaliwanag na kaligayahan."

"Sapagkat," aniya, "tulad niyaong mga nagpapadikit ng apoy ay malulunod muna sa usok at maluluha ang mata dahil sa pagkasilam, at pagkatapos niyaon ay magtatagumpay sa gawain, kung kaya tayo rin na nagnanais na palingasin ang banal na apoy na nasa atin ay dapat na makaunawa na magtatagumpay lamang tayo dito sa pamamagitan ng mga pagsubok at pahirap; sapagkat ang Panginoon ay nagsabi rin na, 'Pumunta ako sa lupa upang maghasik ng apoy, at ano pa ba ang aking nanaisin kundi ang pagningasin ito.'

"Tunay nga na ang ilan," pagpapatuloy niyang pinagpala, "bagaman tiniis ang abala at mga balakid na dala ng usok bilang maliit na gawain sa pasimula, ngunit dala ng katamaran, ay hindi nakapagpadikit ng apoy; sapagkat sila ay mabilis na umalis at walang katiyagaan na magsikap hanggang sa huli."

Archimandrite Crysostomos,
*The Ancient Fathers of the Desert*

### HINDI ITO MADALI

Ang daan tungo sa kaharian ng Diyos ay kadalasang malubak at kung minsan ay mapanganib,[76] subalit magdadala doon sa *perlas na walang kapantay ang halaga* (Mt. 13:46). Walang pagsisikap, gaano man ito kalaki, ang sasapat para sa ganoong karingal na yaman. Ang ating tungkulin sa paraan ng kaligtaan ay kinabibilangan ng apat na hakbang:

**1. SUMAMPALATAYA:** Kilalanin na si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos, ang ating Tagapagligtas, na Siyang nagkakaloob sa atin ng tanging Daan tungo sa walang-hanggang presensya ng ating Manlilikha,[77] tulad ng ating ipinahahayag tuwing ating inuusal ang Credo Niceno:

> Sumasampalataya ako … sa iisang Panginoong Jesucristo, bugtong na Anak ng Diyos, nagmula sa Ama bago pa nagsimula ang panahon … Na dahil sa ating kaligtasan ay nanaog buhat sa langit. Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo kay Mariang Birhen at naging Tao …

Maaari nating magawa ang pagkilalang ito anumang oras. Habang tayo ay buhay pa, hindi pa huli upang sumampalataya, kung ito ay bukal sa loob.[78] Subalit hindi natin nalalaman kung kailan magwawakas ang ating buhay–ang kamatayan kadalasan ay hindi nagbibigay ng babala–kung kaya mas mainam na bigyang-pansin kaagad ito sa lalong madaling panahon.[79]

Gayundin, habang atin itong pinatatagal, mas malaki ang kalamangan na lalo tayong mapapalayo sa Diyos at hindi na natin mamalayan ang pangangailangan, o kaya ay malaman kung paano *Siya mahahanap* (Gawa 17:27).

**2. PATUNAYAN ANG PANANAMPALATAYA** sa pamamagitan ng pagsusumikap na sumunod sa mga aral at halimbawa ni Jesus sa lahat ng bagay sa ating buhay. Bago Siya bumalik sa Kanyang Ama, si Cristo ay binigyang-kapangyarihan ang kanyang mga Apostol na ipagpatuloy ang Kanyang mapagligtas na gawa sa pamamagitan ng mga Banal na Misteryo (Sakramento) ng Iglesia. Ang kapangyarihang ito ay ipinasa sa mga pari ng Iglesia sa lahat ng panahon sa pamamagitan ng "Apostolikong Pagsasalin-salin." Sa pamamagitan ng mga Sakramento, tayo ay nakalalapit sa banal na enerhiya ng Diyos, na siyang nagbibigay ng biyaya para sa buhay-kay-Cristo kung saan tayo ay tinawag. Bahagi ng pagiging "misteryo" ng mga Sakramento ay ang pagiging si Cristo mismo ang nagsasagawa nito: ang Diyos ay ipinadala si Cristo upang gumawa sa pamamagitan ng Pari, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Tulad ng isinulat ni San Juan Crisostomo sa kanyang Mga Homiliya para sa Mabuting Balita Ayon kay Juan, ang pari ay "nagpapahiram ng kanyang dila at nagpapagamit ng kanyang mga kamay" lamang.

Ang mga Sakramento ay panlabas na simbolo ng panloob na biyaya (mga enerhiya ng Diyos) na tinanggap niyaong mga nagpapasailalim sa mga ito–mga tulong espiritwal na tutulong sa atin na maabot ang ating nilalayon at patibayin tayo sa ating pakikibaka.

Ang BINYAG ay itinatag ni Cristo noong Kanyang hingin kay Juan na Siya ay binyagan, isang pagbibigay halimbawa sa lahat ng mga susunod. Yaong mga tumanggap ng Sakramentong ito sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo ay naging kabahagi ng Katawan ni Cristo,[80] ang Iglesia, na siyang naghihiwalay sa kanila bilang nabibilang sa Kanya (Gk.: *agios*; banal)–*kung* sila ay magsusumikap na mamuhay ng naaayon dito.[81] At ito ang magliligtas sa atin! Tulad ng ang kapanganakang pisikal mula sa sinapupunan ng ating mga ina ang nagdala sa atin dito sa mundo, ang espiritwal na kapanganakan sa pamamagitan ng Binyag ang naglagay sa atin sa kaharian ng Diyos, hanggang sa at maliban na lamang na tayo mismo ang mag-alis sa atin mula roon. Sa isang bahagi ng Sakramentong ito, hihipan ng pari ang tubig na nasa lalagyan ng tubig na pambinyag–ang hininga ng bagong buhay kay Cristo na ating matatamo sa pamamagitan ng Misteryong ito.

> Hinihingi sa atin ni Jesus na mamuhay tayo ng kaiba sa mga hayop at iba pang may buhay, buhay na siyang Buhay ng Diyos Mismo. Ang buhay na ito ay ibinigay ng hininga ng Diyos, ang Espiritung Banal ng Diyos (*pnevma*, sa Griego, ay may kahulugan na, "hininga" at "espiritu"). Ang Diyos ay nauna nang ibinigay sa atin ang hiningang ito noong Paglilikha (Gen 2:7), na ipinagkaloob sa atin ang Kanyang wangis, ang Kanyang kalayaan at ang pagkakataon na higit na maging tulad Niya sa pamamagitan ng malikhaing mga gawa. Dahil sa hiningang ito, ang tao ay tinatawag na higitan ang kanyang sarili, sapagkat magiging tunay na tao lamang siya kung siya ay makikibahagi sa kalikasan ng Diyos. Naiwala ng tao ang hiningang ito, ang banal na presensyang ito, nang dahil sa kasalanan at kamatayan; subalit kaya niyang muli itong makamtan sa papamagitan ng tubig ng Binyag, ang pinagmumulan ng Buhay.[82]

Ang Binyag ang pasimula ng ating paglakad bilang isang Cristiano, sapagkat ito rin ang pasimula ng pampublikong ministeryo ni Jesus. Sa pamamagitan ng Misteryong ito, tayo ay pinalaya sa alinmang pakikipagkaisa sa kasalanan ni Adan at Eba at nalinis na sa mga

pansariling kasalanan na nagawa. Ngunit, bagaman ang Binyag ay makapangyarihan at hindi-maisasantabi,[83] ito ay isang panimula lamang–inilalagay lamang tayo nito sa pagsisimula.

Ang KUMPIL ang nagbibigay sa atin ng "tatak ng kaloob ng Espiritu Santo,"[84] ang ikalawang elemento ng kapanganakang espiritwal na kailangan upang makapasok sa Kaharian, tulad ng sinabi ni Cristo kay Nicodemo.[85] Ang tatak ay isang sagisag ng pagiging totoo. Tulad ng sa ang isang tatak ay nagtataglay ng kapangyarihan na kanyang kinakatawan, gaya ng sa isang dokumento na nagtataglay ng tatak ng isang bansa ay nagtataglay ng kapangyarihan ng nasabing pinanggalingan. Sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpil ay tinanggap natin sa atin ang Espiritu Santo. Ang tatak ng kaloob na ito ay ang tanda ng krus, na itinanda sa atin sa pamamagitan ng itinalagang mira. Nakikilala ng Diyos ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng tatak na ito (Pah 22:4), na nagbibigay tanda na sila ay nabibilang sa Kanya. Ito ay may bisa alinsunod sa ating mga gawa para sa layuning ito (o sa gawa ng iba para sa ating kapakanan habang hindi pa natin naaabot ang tamang gulang). Habang higit tayong natutulad-kay-Cristo sa pakikipag-kaisa sa Espiritu Santo habang tinutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap sa pamamagitan ng pagpapatatag, paghihikayat at pagtuturo ng daan sa pakikibaka sa matarik at makipot na daan tungo sa kawagasan ng Kaharian, higit tayong gumagawa sa kapangyarihan ng Diyos. Ang kapangyarihang espiritwal na ito ay makikilala doon sa mga nakikipag-isa sa Kanya.[86]

Ang EUKARISTIYA (Banal na Komunyon) ay itinatag ni Cristo sa Mistikong Hapunan nang Kanyang ipasa ang tinapay at alak sa Kanyang mga Apostol, at ipinahayag na malibang ating kainin ang Kanyang Katawan at inumin ang Kanyang Dugo, hindi tayo makakapasok sa Kaharian ng Langit (Jn 6:53-58). Ang Diyos ay palaging nagbibigay ng panlunas sa lason. Sa pamamagitan ng pagkain, naiwala ng tao ang pakikipag-kaisa sa Diyos, kung kaya sa ganoon ring paraan ay naibalik ang pakikipagkaisang ito. Ang Eukaristiya, ang pagsama-sama ng Katawan ni Cristo sa Banal na Hapag sa Kaharian, ay isang patuloy na pagpapanibago ng ating pakikipag-isa sa Kanya at sa ating kapwa.[87] Sa pamamagitan ng Misteryong ito, muli tayong nakalapit sa Puno ng Buhay–ang pagkain ng buhay na walang-hanggan–bilang bahagi ng buhay kay Cristo.

> Ang Dugong ito ay nagdudulot na magpanibago sa atin ang wangis ng ating Hari, lumilikha ng mga hindi maipaliwanag na kagandahan, at pumipigil sa kabutihan ng ating kaluluwa na baliwalain ito, patuloy na dumidilig at nagbibigay-buhay. … Ang Dugong ito, *kung tatanggapin ng tama*, ay magtataboy sa masasama at maglalayo sa kanila sa atin, at tatawag patungo sa atin ng mga Anghel at sa Panginoon ng mga Anghel. Sapagkat kung saan makikita ang Dugo ng Panginoon, ang mga diablo ay tatakas, at ang mga Anghel ay sama-samang tatakbo. Ang Dugong ito ay ang kaligtasan ng ating kaluluwa. Sa pamamagitan nito ay nahugasan ang kaluluwa, sa pamamagitan nito ay naging maganda, sa pamamagitan nito ay pinagliyab. Ito ay magdudulot upang maging higit na mas maliwanag kaysa apoy ang ating kaunawaan at ang ating mga kaluluwa ay makinang kaysa ginto; ang Dugong ito na ibinuhos at nagbukas sa kalangitan.
>
> CRISOSTOMO[88]

Ang PAGPAPAHID NG LANGIS ay isang paraan para sa pagpapagaling na pisikal at espiritwal. Tulad ng ibinabahagi ng Aklat ni Santiago, maaari nating hilingin sa mga pari na pahiran tayo ng langis at ipanalangin para sa kagalingan ng Sakramentong ito anumang oras na tayo ay may matinding dinaranas sa katawan o kaluluwa,[89] upang tulungan tayong manatiling malusog at buo sa ating paglalakbay.

Ang Binyag, Kumpil, Eukaristiya at Pagpapahid ng Langis ay sadyang napakahahalagang tagapagdala ng biyaya kung kaya hindi ito ipinagkakait ng Iglesia Orthodox sa mga bata. Sa pamamagitan ng mga Misteryong ito ay nakakatanggap sila ng napakahahalagang espiritwal na kalakasan para sa kanilang mga kaluluwa habang sila ay lumalaki, gaya ng pagtitiyak natin na sila'y mayroong sapat na pangpalakas sa kanilang mga katawan bago pa man lamang nila maunawaan ang pangangailangan sa bitamina at mineral. Kung tayo ay napagkalooban ng Binyag habang tayo ay mga sanggol pa lamang, ito ay nagpapakita ng pananampalataya ng ating mga magulang at/o mga ninong at ninang, na sila namang may tungkulin na palaguin tayong espiritwal habang tayo ay lumalaki. Sa isang mapagmahal at puno ng pananampalatayang kapaligiran, walang sinumang makapagsasabi kung kailan talaga mag-uumpisa ang pananampalataya, at sino ang makapipigil sa kapangyarihan ng biyaya? Sa ating paglaki, ang tungkulin para sa ating paglagong espiritwal ay napupunta na sa atin.

Kung tayo naman ay tumanggap ng Binyag, na may pag-ibig at sariling pagkukusa habang tayo ay nasa hustong gulang na, ito ay nagpapakita ng ating pananampalataya kay Cristo. Isinulat ni San Pablo na ang pagtutuli ay hindi kagyat na nagdadala ng pagiging-ganap sa mga Judio sa ilalim ng Kautusan. Sa halip, ito ay isang panlabas na tanda, isang katunayan lamang kung ang nilalaman ng puso ay katumbas ng kahulugan nito: pangangako ng pagsunod sa tipan ng Diyos kay Moises habang hinihintay ang pagdating ng Mesias.[90] Katulad din nito, ang Binyag ng mga Cristiano ay hindi isang mahika na magbibigay ng katiyakan ng lugar sa Kalangitan. Sa halip, ito ay isang panlabas na tanda ng hindi nakikitang biyaya na natanggap, ang pasimula sa paraan ng pagpapaging-banal niyaong, matapos nito, ay tumutulad kay Cristo sa abot nang kanilang kakayahan–isang likas na dulot ng tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng disiplina at pagsisikap.

Dapat tayong maniyak na ang ating Binyag ay may kahulugan sa atin: na ating nauunawaan ang halaga at kapangyarihan nito; na ating natatandaan kung kailan ito naganap at piliting taunang tumanggap ng Banal na Komunyon sa nasabing petsa; na tayo ay magsuot ng krus bilang tanda ng ating pagsunod kay Cristo (hindi bilang isang alahas); na ating piliting isabuhay ang pangakong ito; at ating patuloy na papanibaguhin ito, lalo't-higit sa Banal na Liturhiya, na kadalasan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon sa pamamagitan ng pagpapaala-ala sa atin, na "ipagkaloob ang ating sarili at ang ating kapwa, at ang ating buhay kay Cristo, ang ating Diyos."

Ang KUMPISAL ay nagbibigay pagkakataon sa atin na alisin ang mga harang ng kasalanan na nabubuo sa pagitan ng Diyos at natin. Kung tayo ay nalalayo sa daan tungo sa Kanya (ang hindi makasunod sa halimbawa at aral ni Jesus sa anumang bagay), ang Iglesia ay tinatawag tayo upang magsisi, na may pagbabago (isang pagtalikod). Sa pamamagitan ng Sakramentong ito, ang kapangyarihan na ibinigay ni Cristo sa mga Apostol, ang mga tunay na pinagsisihan at ikinumpisal na mga kasalanan ay pinatatawad at inaalis.[91] Ang walang-salang kalagayan ng isang bagong binyag ay muling naibalik; muli tayong ipinanganak na espiritwal mula sa itaas at muling inilagay sa daan tungo sa Diyos. Sa mga pagkakataon ng napakabigat na kasalanan, isang matinding pagkakasala, ang pakikipagkasundo kay Cristo na ipinagkakaloob ng Kumpisal ay maaring magdala ng isang dramatiko at nakapagpabagong buhay na pangyayari.

Ang KASAL ay isang Sakramento na nakasandig sa pagpapala ni Cristo sa kasalan sa Cana. Kung ating pinili na magkaroon ng katuwang na siyang makakatulong sa atin sa daan

tungo sa Diyos (na mas maganda kung magiging katuwang sa paglagong espiritwal), ipinagkakaloob sa atin ng Iglesia ang Sakramentong ito, na nagpapala at nagpapabanal sa pagsasama.[92] Ang layunin ng Diyos ay ang pagkakaroon ng isang bagong buhay na magmumula sa loob ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae na siyang magkakaloob ng pagkalinga sa mga kaluluwa para sa Kanyang Kaharian.[93] Sa isang mabuting kasal, ang isang panig ay siyang magkakaloob ng kakulangan ng isa. Ang lalaki at babae ay pinagsama upang maging isa sa paraang hindi magaganap kung nag-iisa lamang, na nagpapakita ng kaisahan ng Diyos.

Ang ORDINASYON ay ipinagkakaloob ng Iglesia sa mga lalaki na nakadama ng tawag ng Diyos para sa isang buhay ng paglilingkod, upang dalhin kay Cristo ang lahat ng maaari nilang madala at tulungan silang manatili sa kawan, tulad ng ginawang “pagtawag” ni Cristo sa Kanyang mga Apostol at paghahabilin sa kanila na ipagpatuloy ang gawain na kanilang nakita sa Kanya (Mt 10). Hindi ito ang pagpaparing Levitico ng Lumang Tipan, na itinatag upang maghandog ng panubos na hain ng mga tao sa Diyos sa ilalim ng Batas ni Moises. Sa halip, ito ay ang mataas na pagkapari Mismo ni Cristo ayon sa pagkapari ni Melchizedek,[94] yaon ay ang walang hanggan, at patuloy na pag-aalay sa Diyos, na, bilang isang sakramento, nang iisa, at huling dugong hain ni Cristo bilang panubos sa mga kasalanan ng sangkatauhan, ang ating tanging panlaban. Ang pari “ay maisasakatuparan ito sapagkat ang pagkapari niya … ay hindi sa “kanyang” sarili … kundi ang iisa at hindi mahahating pagkapari ni Cristo, na walang hanggang nabubuhay at walang katapusang isinakakatuparan sa Iglesia, ang Katawan ni Cristo.”[95]

Maaari rin tayong makibahagi sa enerhiya ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Kapag ang isang tao na may buhay na pananampalataya ay nanalangin sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, ang banal na enerhiya ay dadaloy sa kanya at gayundin ay duon sa kanyang ipinapanalangin (San 5:16). Kabilang rin sa mga pinagmumulan ng biyaya ay ang mga tulong espiritwal tulad ng pag-aayuno, pagsamba, at kaalaman (Banal na Tradisyon–na kinabibilangan ng Kasulatan, mga sinulat ng mga Ama sa Iglesia at mga Konsilyo, ng Ikonograpiya, ng Liturhiya, atbp.–mga pamamaraan na ibinigay ng Diyos upang mapanatili ang katotohanan tungkol kay Cristo), upang tulungan tayo sa ating pagsisikap na lumago sa kabanalan bilang bahagi ng Kaharian ng Diyos.

**3. HUMARAP SA PAGHUHUKOM:** ang bawat isa sa atin ay hahatulan ayon sa abot ng ating nalaman at naunawaan tungkol sa inaasahan ng Diyos mula sa atin at kung paano tayo sumubok mamuhay ng naaayon dito.[96] Sa iba ay ipinagkaloob ang pagkakataon at tungkulin na malaman ang natatagong misteryo ng Diyos.[97] Inaasahan Niya ang higit mula sa kanila sa pagkakaroon ng buhay na tulad-ng-kay-Cristo at ang bunga nitong kaligayahan sa Kanya. Sa iba naman, maaring bahagya lamang na Liwanag ng Diyos ang nakalampas sa harang na inilagay ni Satanas. Ang bawat isa ay pantay-pantay na hahatulan ni Cristo, na Siyang Nakaka-alam ng Lahat, Pinakama-ibigin, Pinaka-makatarungan. Ang pagkakaalam sa katotohanan na tayo ay haharap sa isang paghahatol ay isang biyaya sapagkat ito ang tutulong sa atin na maiwasan ang pagpapabayang espiritwal.

Sa isang banda, tayo ang hahatol sa ating sarili: kung paano natin hinatulan ang iba ay siya ring magiging panukat kung paano tayo hahatulan,[98] at kapag binuksan na ang Aklat ng Buhay (Pah 20:12-13), ating maaalala ang ating naging buhay. Hindi na kailangan pang sabihin sa atin kung paano ang naging pakikipag-ugnayan natin sa Diyos–tayo na mismo ang makakaalam.

> Ang masasama ay makakaunawa kung gaano kalaki ang kaligtasan na kanilang winalang-halaga, gaano kalaki ang pag-ibig at habag na kanilang itinapon sa buhay…[99]

Doon sa mga nagsasabi ng agarang kaligtasan, o kaya yaong nagsasabi ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, ang ilan ay hindi binibigyang-pansin ang tungkol sa paghahatol at ang binibigyang-diin lamang ay ang Muling Pagkabuhay kung saan, ay sinasabi, na ang mga ligtas ay muling bubuhayin sa Kaharian ng Diyos at ang mga hindi ligtas ay duon sa kaparusahan.[100] Sa ibang salita, ipinagpapalagay na wala na ang talagang panahon ng paghahatol, sapagkat yaong mga nagpahayag na na sila ay ligtas ay "ligtas" na, at ang iba ay sa kaparusahan na. Subalit ang teoryang ito ay nakabatay sa makamundong kaisipan, hindi sa kaliwanagan ng Diyos na ipagkakaloob sa Ikalawang Pagparito ni Cristo. Ang iba ay nagsasabi na ang paghuhukom ay para lamang sa mga ligtas, kung saan ang kanilang naging buhay Cristiano ay susuriin kung alin ang "mahalaga sa Kaharian ng Diyos" at kung alin ang "walang-saysay,"[101] at siyang pagbabatayan ng kanilang magiging katayuan sa Langit. Subalit sinulat ni Pablo na tayong *lahat* ay haharap sa trono ng paghahatol ni Cristo at nagbigay pansin sa poot ng Panginoon (2Co 5:10-11). Mayroon bang kaparusahan sa Langit? Kung tayo ay agarang maliligtas kapag tayo ay magpahayag lamang ng pananampalataya, bakit kailangan pa nating mangamba para sa magiging kalalagyan sa paghahatol? Alinmang lugar sa Langit ay tiyak na kagila-gilalas.[102]

Tunay na mayroon paghuhukom, subalit ang tunay na Cristiano ay hindi dapat mangamba. Hindi tayo mamumuhay na may pangamba at pagkabahala sapagkat mayroon tayong pag-asa ng kaligtasan.[103] Alam natin na ang Diyos ay tumutupad sa Kanyang mga pangako, at kung tunay natin Siyang iibigin at tunay na magiging tagasunod ni Cristo, *tayo ay maliligtas* (Mt 24:13). Ang Araw ng Paghuhukom ay hindi isang isipin para sa mga tunay na nagmamahal kay Cristo. Sila ay sasailalim sa proseso nang walang anumang kaparusahan kundi tatawid mula sa mga patay tungo sa buhay (Jn 5:24). Ang kaalamang ito ay magbibigay sa atin ng malalim, nasa-sa-loob na ligaya, anumang mga pagsubok ang dumating dala ng buhay sa daigdig.[104]

> Ang Cristiano na nasa daan ng kaligtasan, ang daan na magdadala ng pakikipag-isa sa Diyos, ay dapat palaging maging handa na matagpuan ang sarili sa gitna ng pagkatakot at ng pag-asa. Ang takot ang pipigil sa atin, subalit ito rin ang magtutulak sa atin tungo sa Diyos. Ang pag-asa ang magbibigay sa atin ng kapangyarihan at magdadala sa atin tungo sa pag-ibig ng Ama.[105]

**4. MAUNAWAAN ANG KAHARIAN** *mula mismo sa atin at mula sa labas*. Yaong mga ang naging buhay ay nagpakita ng pananampalataya na si Jesus ay ang Anak ng Diyos na Buhay, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, ay aanyayahan na tuluyang makapasok sa Kaharian ng walang hanggang kaligayahan na inihanda para sa kanila mula pa ng itatag ang sanlibutan.[106] Ang bawat isa sa kanila ay tatawagin ng Diyos sa kanilang pangalan at bibigyan ng Korona ng Buhay.[107] Sa pinagpalang lugar na iyon ay wala ng kamatayan, kalungkutan, pagtangis, at mga sakit.[108] Ang Kaharian ay magmumula sa buhay na ito doon sa mga binyagang Cristiano na nag-alay ng kanilang buhay kay Cristo sapagkat namumuhay sila na may kaligayahan sa kaalaman na may katiyakan ang mga pangako ng Diyos. Sa sandaling ang tunay na pananampalataya ay nagsimula, ang mananampalataya ay magsisimula ring maranasan ang Kaharian ng Diyos–habang nandito pa sa lupa. Kung gaano ang buhay na makamundo ay tinatalikdan, ang buhay espiritwal ay yayabong at ang bunga nito ay matitikman (Gal 5:22).

Kung paanong ang kasamaan ay pinarurusahan ang mga sumusunod dito bago pa man sila mahulog sa hukay, gayundin naman ang kabutihan, bago pa man ang kaloob ng Kaharian, ay nagkakaloob ng ligaya doon sa mga gumagawa nito sa lupa, kung kaya sila ay namumuhay kasama ng mabuting pag-asa at patuloy na kagalakan.

CRISOSTOMO[109]

Nilikha tayo ng Diyos upang mabuhay na walang hanggan–kung kaya tayo ay mabubuhay–sa alinmang kalagayan. Yaong ang mga buhay ay hindi nagpakita ng pananampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas (kung sila ay nakaalam ng mapagligtas na katotohanang ito) ay makakasama si Satanas at ang kanyang mga tagasunod,[110] sa walang hanggang paghihirap ng pagiging hindi makapakibahagi sa presensya ng Diyos at ng kaluwalhatian ng Kanyang kapangyarihan (2 Th 1:9).

Hindi natin lubos na maiisip kung ano ang katulad ng hindi pagkalooban ng Pinagpalang Kaluwalhatian na iyon, ang kapootan ni Cristo, ang marinig ang *hindi Ko kayo nakikilala* (Mt. 25:12).

CRISOSTOMO[111]

Ang walang patid na paghihirap na ito ng pagiging malayo sa Diyos ay isang likas na bunga ng pagtalikod sa Kanya.[112] Ipinagkakaloob sa atin ang ating pinili.

***NGUNIT MAKIPOT ANG PINTUAN** at makitid ang daan patungo sa buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpong niyon* (Mt 7:14). Ang pagsisikap na mamuhay ng tulad-ng-kay-Cristo ay maihahalintulad sa isang mahirap na pag-akyat sa isang matarik na daan sa bundok. Paunti-unting umaakyat pataas sa gitna ng ligaya at mga bulid ng buhay, sa makipot na pintuan tungo sa kawagasan ng maluwalhating Kaharian ng Diyos na siya nating patutunguhan. Tayo ay inilagay sa daang ito noong tayo ay Bininyagan, kung saan ang ating mga mata ay nakapako sa ating Tagapagligtas. Ang Espiritu Santo ay buong pagmamahal na iniuusod tayo sa ating buong-buhay ng naaayon sa ating pag-ibig at pananampalataya. Ang mga tulong na ipinagkakaloob ng Iglesia ang tumutulong sa atin habang nasa daan, kasama ng tunay na pagsisisi at ng Sakramento ng Kumpisal na nagpapanibago sa atin at naglalagay muli sa atin sa daan kung tayo ay napapalayo.

**TAYONG LAHAT AY MAGKAKAIBA.** Ang bawat isa sa atin ay nagsisimula sa iba't-ibang kalalagayan ng pag-akyat. Ang iba ay mayroong kaginhawahan dahil sa napapaligiran ng pag-ibig, maayos na paggabay at kaginhawahang materyal. Ang iba naman ay nakakaranas ng kasalatan sa lahat ng bagay. Ang iba ay pinagpala na naroroon sa matabang lupang espiritwal kung saan sila tumutubo at maagap na nakakapag-umpisa sa mga hakbang, ang iba naman ay naghahabol ng hininga sa basurahang espiritwal at hindi namumulat sa Diyos hanggang sa huling bahagi na ng kanilang buhay. Ang lahat ng uri ng pangyayari ay maaaring maganap. Sapagkat hindi tayo binigyan ng magkakatulad na pagkukunan sa ating paglalakbay sa buhay, hindi umaasa ang Diyos na tayo ay magiging magkakatulad. Kasama ng malayang kalooban, tayong lahat ay binigyan ng pagkakataon na tumugon sa Diyos sa ating sari-sariling paraan. Kanya lamang na hinihingi, para na rin sa ating kapakanan, na gamitin natin ang Kanyang mga ibinigay sa atin sa paglilingkod sa Kanya,[113] na naaayon sa Kanyang salita. Ang pinakamahalagang punto ay hindi ang kung hanggang saan tayo madadala ng ating pagsisikap sa daan ng kawagasan, kundi kung tayo ay may pag-ibig sa Diyos at pananampalataya sa Kanyang Anak bilang Tagapagligtas, upang patuloy na magsumikap na umahon hanggang sa

huli ng ating buhay. Ang Diyos ay hindi nangako na hindi na tayo magdaranas ng kahirapan sa buhay. Ang ipinangako Niya ay ang nariyan Siya sa ating tabi, upang gabayan at patibayin tayo, at tulungan tayo na matapos ang ating paglalakbay.[114] Pinahihintulutan Niya tayo na maramdaman ang Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng mga pasilip sa Kaharian na napaka-maluwalhati at makapangyarihan kung kaya nauuhaw tayo ng higit pa para doon. Ang mga pasilip na ito kapag minsan ay ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng mga mas malalim na kaunawaan sa kagandahan ng mga nilikha ng Diyos, na nagbibigay ng pahiwatig ng kaluwalhatian na naghihintay sa Langit.[115] Maaari rin itong dumating sa mga panahon ng pagdurusa, kung kailan nauunawaan natin na ang pinakamahalagang bagay sa lahat ay tayo ay kailangang tuwirang sumandig sa habag ng Diyos, at kung kailan, matapos masubukan ang lahat ng kakayahan ng tao, ating tuwirang madarama ang Kanyang presensya na nagpapalakas sa atin, umaaliw sa atin.[116]

## SI EPHRAEM NA TAGA-SIRIA

### SA KALIGAYAHANG DALA NG PAGPASOK SA KAHARIAN AT ANG MATINDING KALUNGKUTAN NA DALA NG HINDI MAPAPABILANG

Gaanong kaligayahan ang pupuno sa atin, kung tayo ay ituturo na tumayo sa kanan ng Hari? Ano ang ating makakatulad kung tayo ay yakapin doon ng mga Matutuwid? … nina Abraham, Isaac, Jacob, Moises, Noe, Job, Daniel, ng mga banal na Propeta, ng mga Apostol, ng mga Martir, na naging kalugud-lugod sa Diyos noong mga araw na sila ay nandito pa sa laman? At kung sinuman ang iyong narinig, at ang buhay ay iyong hinangaan, at kung sino ang iyong nais makita, lalapit sila sa iyo, yayakapin ka, magbubunyi sa iyong kaligtasan. Anong uri ng tao tayo magiging? At anong uri ang hindi maipaliwanag na kaligayahan na ating tatanggapin, kapag buong kagiliwang sinabi na ng Hari doon sa mga nasa Kanyang kanan: *'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok na kayo at manirahan sa kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang sanlibutan* (Mt. 25:34).

At inyong tatanggapin ang Kaharian ng kagandahan, ang Putong ng lahat ng inyong ninanais, at maghaharing walang-hanggan kasama ni Cristo. At inyong tatanggapin bilang mana ang mga kaloob na ipinangako ng Diyos doon sa mga umiibig at sumusunod sa Kanya (San 1:12). At simula doon ikaw ay magiging panatag, hindi na mapupuno ng bagabag. Pakaisipin mo sa kung anong uri ng tao ito ipagkakaloob, kung kanino ipagkakaloob ang pakikipag-hari sa Kalangitan kasama ni Cristo. Pagnilayan mo kung ano ang ibig sabihin ng pamamalaging walang-hanggan sa liwanag ng Kanyang Harapan, ang taglayin ang pinagmumulan ng lahat ng liwanag. At doon ay hindi mo na kakailanganin pa ang araw bilang iyong liwanag sa araw, at gayundin ay ang sikat ng buwan upang liwanagan ka (Isa 60:19), sapagkat si Cristo ang iyong magiging hindi mapaparam na Liwanag at ang Diyos ang iyong kaluwalhatian. Magilalas ka sa kaluwalhatian na inihanda Niya para doon sa mga may takot sa Kanya, sa mga sumusunod sa Kanyang mga Kautusan.

At pagkatapos, isipin mo ang magiging wakas ng mga makasalanan habang sila ay dinadala sa nakakatakot na hukuman. Anong uring takot ang babalot sa kanila sa harapan ng matuwid na Hukom? Anong bigat na kahihiyan ang sasakmal sa kanila habang sila ay dinadala patungo sa kaliwa ng Hari? Anong nakahihindik na pagkatakot ang babagsak sa kanila, nang dahil sa Kanyang sobrang galit, ay matigas Niyang sasabihin sa kanila: Lumayo kayo sa akin, mga sinumpa! Kayo'y pasaapoy na di-mamamatay, na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon (Mt 25:41).[117]

## SI GREGORIO NA DAKILA

## SA HINDI PAGHATOL SA SARILI O SA IBA PA

Marami ang naaakay sa pananampalataya, subalit kakaunti ang nadadala sa Makalangit na Kaharian. At marami ang naglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga dila subalit tumatalikod sa Diyos sa kanilang mga pamumuhay. Pagnilayan natin sa mga ito ang dalawang bagay. Ang una ay ang huwag maging hambog ang sinuman patungkol sa kaligtasan ng sarili sapagkat bagaman siya ay naakay sa pananampalataya, hindi niya nalalaman ang kung siya ay mahihirang upang makapasok sa Kaharian ng Langit. Ang ikalawa ay ang hindi dapat gawin ng sinuman ang paghatol sa kapwa ng dahil sa nakikita niya na sila ay nalulubog sa bisyo sapagkat walang sinumang nakakaalam sa kayamanan ng makadiyos na pagkahahabag.[118]

**Ang Ikaapat na Hakbang: Maisabuhay ang Kaharian**

**ANG ICON NG PAGPANAOG NI CRISTO SA HADES**



*Tayo ay binigyan ng buhay upang pumili: nasa sa Diyos o hindi (Mt. 12:30).*
*Ang bunga ng pagpili natin ang siyang magiging buhay nating walang-hanggang.*

Habang ang Katawan ni Cristo ay nakahimlay sa Libingan, ang Kanyang Kaluluwa ay nanaog sa Hades (1Pe 4:6 at Efe 4:9-10) upang bigyan ng pagkakataon yaong mga nabuhay at namatay bago pa ang Kanyang kamatayan na tumubos sa mga tao sa pagkakagapos sa kasalanan na kilalanin at tanggapin Siya bilang ang Mesias na ipinangako sa mga hula sa Lumang Tipan. Kung kaya ang *icon* ng Pagpanaog ni Cristo sa Hades (na tinatawag rin bilang ang Muling Pagkabuhay) ay nagpapakita na Kanyang tinatapakan ang pintuan ng Hades, at si Adan at Eba (na kumakatawan sa mga mananampalataya) ay pinapalaya mula sa pagkakasakop ng kamatayan. Ang ipinapakitang imahen ng isang nakagapos sa kailaliman ay ang Diablo, na nagpapakita ng katotohanan na ang kanyang kapangyarihan ay iginapos na. Ang hawak na mayroon siya sa mga tao ay ang kamatayan–subalit nawala na ang “kamandag” nito: na bagaman ang mga tao ay kailangan pa ring dumaan sa kamatayan (hanggang sa panahon ng Muling Pagparito ni Cristo), hindi nito mahahawakan yaong mga nabibilang kay Cristo. Nakapaligid kay Cristo ay ang mga tauhan sa Biblia na mga nabuhay at namatay bago binuksan ni Cristo ang Pintuan ng Paraiso: sa Kanyang kanan, ang mga Hari na sina David at Solomon, at si Juan na Tagapanguna, Propeta at Tagapagbinyag; sa Kanyang kaliwa, si Abel (na siyang nagbugay-pahiwatig sa pagdating ni Cristo) at ang mga propeta.[119]

> Sa pagtungo sa kamatayan, O Buhay na walang-hanggan, Iyong pinaslang ang Hades ng Iyong nakabubulag na liwanag ng Iyong pagkadiyos. At ng Iyong iahon ang mga patay sa kanilang kinalalagyan mula sa ilalim ng lupa, ang lahat ng kapangyarihan sa Langit ay sumigaw ng malakas: O Nagbibigay ng Buhay, O Cristo aming Diyos, papuri sa Iyo.
>
> Troparion from Great Saturday’s Matins,
> Kallistos Ware and Mother Mary, *The Lenten Triodion*

> Bilang isang Diyos, Ikaw’y tunay na naririyan sa libingan, nasa sa Hades kasama ng Kaluluwa, nasa sa Paraiso kasama ng magnanakaw at nasa sa trono kasama ng Ama at ng Espiritu Santo, na nagpupuno sa lahat ng bagay, at hindi mailalagay sa isang lugar lamang.
>
> From the Service of Proskomide
> *The Order of the Divine and Holy Liturgy,*
> *Holy Cross Orthodox Press*

> Na ang maging wakas ng aming buhay ay Cristiano, walang paghihirap, walang dungis at mapayapa, at mayroon kaming mabuting panagot sa nakakatakot na Luklukang Paghuhukom ni Cristo.
>
> From the Petitions,
> *Divine Liturgy of St. John Chrysostom*

## Kabanata Apat

## KUNG SANA'Y

May mga pagkakataon sa ating buhay kung saan may mga salitang nasasabi at hindi, mga ginawa at hindi, na minsan ay nagdudulot ng paghihirap, pagkawala, pati na rin kamatayan. Mahahalagang bahagi ng buhay ay inuubos nang dahil sa mga iyon, paulit-ulit na sinasambit ang salitang, *kung sana'y* … . Napakalabo na walang sinuman ang hindi nakakaranas ng ganitong kaisipan at damdamin na likas sa tao. Sa isang parte ng buhay, tayo ay napupuno ng isipin sa kung ano ang maaring naging bunga kung ibang pagpili ang ating ginawa, sa kung ibang daan ang tinahak.

Maaaring ang mga salitang ito ay namutawi rin sa mga labi nina Adan at Eba ng sila ay paalisin sa Eden. Tunay na ang mga salitang ito ay nawika rin niyaong mga hindi nakinig sa babala ni Noe, nang ang ulan ay patuloy na bumagsak, ang antas ng tubig ay patuloy na tumaas, at isinara na ng Diyos ang pintuan ng arko. At isiping mabuti si Abraham, na ang minamahal na anak na si Ismael ay bunga ng pagsuway, o kung tutuusin, ay maling pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Paano kayang ang nakapanghihilakbot na katagang *kung sana'y* ay hindi pumasok sa kanyang isipin at namutawi sa kanyang mga labi nang, bilang bunga, kinailangan niyang ipadala ang anak niyang ito sa malayo at hanggang sa huli bagaman ito ay binatilyo pa lamang. Ang pagsisisi na dala ng dalawang maikling salitang ito ay patikim sa kung ano ang impiyerno: ang uod na kakain sa ating mga kaluluwa nang walang katapusan, ang apoy na hindi mamamatay. Isa rin itong babala, na gaya na paulit-ulit na pagpapaalala ni San Juan Bautista–itama ang ating mga gawi, baguhin natin ang ating daan–habang may panahon pa (Mt 3:1).

> Ang walang-hanggang apoy … ay hindi ang apoy na ating kinabihasnan kundi apoy na ang Diyos ang nakakaalam.
>
> JUAN NG DAMASCUS[120]

> Ang buhay doon ay napakabigat kung kaya hindi kapani-paniwala na hindi maunawaan ng malinaw ang pagdurusa na dulot ng hindi pagkakaroon ng mabubuting bagay na mula sa Diyos.
>
> CRISOSTOMO[121]

Ang ilog na umaagos mula sa Eden at dumadaloy patungo sa ating daigdig (Gen 2:10) ay nagdadala ng umaapaw na pag-ibig ng Diyos, na gumagabay sa buhay ng bawat isa, anumang landas ang ating piliiin. Ang pag-ibig na yaon ay maaring magdulot ng tamis ng ligaya ng buhay at ipagsanggalang tayo sa mga kalungkutan. Ngunit hindi wawalaing-bahala ng Diyos ang ating malayang kalooban, kung kaya, nasa sa atin ang pagpili na tanggapin ang kanyang mga kaloob. Binigyan tayo ng buhay upang pumili–ang Diyos o hindi! Walang ibang mapagpipilian sapagkat ito ay naghahandog sa tao ng pinakamataas niyang maaring maabot. Subalit hindi maaaring tumayo sa gitna lamang. *Ngayon na* ang araw ng kaligtasan ((2Co 6:2). Matapos mamatay, hindi na natin maaaring mapalitan pa ang ating ginawang pagpili–walang maaaring baguhin sa patutunguhan–kung kaya kung ang naroon ay pagtalikod o kaya ay kawalang-pakialam, yaon na ang mananatili. Wala ng magagawa ang pagsisisi doon sa Hades. …"[122]

> Habang tayo ay naririto pa sa daigdig na ito, kahit tayo ay makagawa pa ng hindi mabilang na kasalanan, maaari pa nating mahugasan ang mga ito sa

pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga ginawang pagkakasala. Ngunit pagkatapos nating lumisan sa daigdig na ito, kahit na tayo ay magpakita pa ng pinakamalalim na pagsisisi, wala na itong magagawa pa: kahit na magngalit pa ang ating mga ngipin, ating paluin ang ating mga dibdib, at paulit-ulit na tumawag ng tulong, walang sinuman ang magsasawsaw ng dulo ng kanyang daliri upang ipatak sa ating mga nasusunog na katawan. Ang atin lamang na maririnig ay yaong mga salita na sinabi sa mayamang lalaki sa talinghaga: …*sa pagitan natin ay mayroong napakalaking bangin* … [kung saan walang sinuman ang makakatawid] (Lk 16:26).

CRISOSTOMO[123]

Ang panalangin ay nagdadala ng mga enerhiya ng Diyos doon sa nananalangin at doon rin sa ipinapanalangin. Ito ay maaaring makapagpalambot sa puso noong mga naririto pa sa buhay na ito at nasa mga panahon pa ng pag-aalis ng harang sa pagitan ng Diyos at ng tao bunga ng kasalanan. Ang panalangin ay may mabuti ring dulot doon sa mga yumaong mananampalataya: yaong mga pumili "kay" Cristo habang sila ay nabubuhay pa, ngunit dala ng iba't-ibang kadahilanan ay, "nasa kalalagayan na hindi naitama ang kanilang mga buhay o yaong mga ang kasalanan ay hindi napatawad sa pamamagitan ng pagsisisi."[124]

Ang pangunahing mga Ama noong nagsisimula ang Iglesia ay nagkakaisa na ang walang hanggang katatayuan niyaong nga pumanaw sa lupa na hindi tumanggap sa Diyos ay hindi na mababago ng panalangin. Sa pangkalahatan, si Crisostomo ay umaayon dito, ngunit kanyang idinagdag na ang panalangin ay makatutulong sa kanila sapagkat ito ay magbibigay sa kanila ng "kaaliwan" na, "sa isang paraan, ay mag-aaliw sa kanila,"[125] lalo na sa oras ng Banal na Liturhiya, kung kailan ang nagtitipong Katawan ni Cristo ay sama-samang nananalangin. Ang kaaliwang ito, ay maaaring, tulad ng isang maliwanag na kandila sa gitna ng isang madilim na yungib, ay nagpapakilala doon sa mga nakagapos sa napakalalim na kapaligiran, sa mga tuldok ng liwanag at kamalayan na mayroong umaalala sa kanila. Magkagayunman, sapagkat ang paghatol ay nasa sa Diyos lamang, at Siya lamang ang tanging nakakaalam ng tunay na kalalagayan ng kaluluwa ng isang tao, ating banal na tungkulin at karapatan na manalangin para sa ating mga kapatiran, mga buhay at patay (2Mac 12:42-44, San 5:16). At ang iba pa ay iniiwan natin sa Diyos at sa Kanyang habag.

Ang ating panalangin para sa ating sarili ay ang panalangin ng magnanakaw na nasa krus: *Panginoon, alalahanin mo ako sa iyong Kaharian* (Lk 23:42). Wala ng kalungkutan doon sa Langit, kung kaya matapos ang panglahatang Muling Pagkabuhay, yaong mga nabibilang kay Cristo ay wala ng maaalala pa tungkol doon sa hindi nabibilang sa kanila. Kung kaya, ang ating panalangin para sa mga yumao, "Nawa ang alaala niya ay maging walang-hanggang," ay nagpapahayag ng pag-asa na sila ay kabilang doon sa nagtatamasa ng walang hanggang pagpapala–kung kaya ay "naaalala." Yaon namang mga tumalikod sa Diyos at sa Kanyang layunin para sa tao, ay, magkakaroon ng nagpapahirap na kamalayan ng pagkakaiba sa pagitan ng kanilang napakahirap na kinalalagyan (impiyerno na dala ng kanilang sariling pagpili) at noong mga nasa kay Cristo.

Sa pagdating ng Araw ng Paghuhukom, hihipan ng angel ang trumpeta upang gisingin ang mga patay mula sa kanilang pagkakahimbing, na kanilang nararanasan, tulad ng sa isang mahabang panaginip, isang pagpapatuloy ng ugnayan, o ng kawalan niyaon, na mayroon sila sa Diyos.

Kapag ang katawan ay nakahiga sa higaan, hindi gumagalaw, tulad ng sa isang patay, ang kaluluwa ay gising dahil sa sarili nitong kapangyarihan. Ito ay tumatagos sa natural na kapangyarihan ng katawan, at parang naglalakbay sa labas ng katawan subalit patuloy pa ring nanatili dito, ay naiisip at nakikita ang mga bagay na nasa itaas ng lupa, at kadalasan ay nakikipag-usap sa mga santo at mga anghel na nasa itaas ng makalupa at makalamang pag-iral. … [Kung gayon] kapag kasama ng katawan [ang kaluluwa] ay nabubuhay sa labas ng katawan, lalong higit na ang buhay nito ay magpapatuloy matapos ang kamatayan ng katawan.

ATHANASIUS[126]

Ang sagisag ni Cristo, ang krus, ay lilitaw sa langit, nagliliwanag tulad ng sa kidlat (Mt 24:27). Siya ay bababa mula sa Langit upang tipunin sa Kanyang kanan, malapit sa Kanya at sa Kanyang kaluwalhatian, ang mga buhay at patay na nagtataglay ng Kanyang tatak sa pamamagitan ng Binyag, Kumpil, at puso at kaluluwang bukas sa Kanyang pag-ibig at ng mga hinihingi nito habang sila ay nabubuhay pa dito sa daigdig (Mt 25:31-40).

Yaong mga nagtataglay ng Kanyang tatak, na siyang tatak ng Espiritu Santo, ay Kanyang ilalagay sa Kanyang kanan, at sasabihan na: *Ang aking mga tupa, makikilala nila ako kapag narinig nila ang aking tinig* (Jn 10:14).

MAKARIOS NG EGIPTO[127]

Ang Banal na Binyag ay nagbibigay sa atin ng tatak ng kapitapitagang krus sa ating noo, tulad ng sa pagtutuli na ibinigay sa Israel, sapagkat sa pamamagitan nito tayong mga mananampalataya ay inihihiwalay mula sa mga hindi naniniwala at doon ay nakikilala.

JUAN NG DAMASCUS[128]

Sa kaliwa Niya ay titipunin ni Cristo yaong mga hindi tumanggap sa Kanya at yaong mga walang-pakialam sa Kanya. Sila ay sasabihan na lumayo sa Kanyang presensya (Mt 25:33, 41, 46), na magpatuloy sa kanilang pagkakahiwalay–ngunit wala na ng mababaw na libangan ng mundo na nakagulo sa kanila mula (o nagpatalikod sa kanila) sa layunin ng buhay. Sila ay walang-hanggang mapapasama doon sa kalipunan ng mga katulad nila.

Ang mga makasalanan, saan man sila naroon, ay malayo sa Hari. Kung kaya, sila ay nasa sa mga pagluha; subalit ang mga wagas, sila man ay naririto o naroroon, ay nasa sa Hari; at doon, sa mas mataas at mas malapit na katatayuan, hindi sa pamamagitan ng pintuan, o kaya ay ng pananampalataya, kundi ng *mukhaan* (1Co 13:12).

CRISOSTOMO[129]

Kapag nakita na natin ang Diyos, ating mararamdaman ang kaparehong walang hanggang pag-ibig kung saan nagmula ang paglikha. Tulad ng pagbibigay-buhay nito sa Eden, ito rin, sa Araw ng Paghuhukom, ay ibubuhos mula sa Kanyang trono at babalot sa ating lahat. Subalit, ang bawat isa atin, ay tatanggap sa pag-ibig na ito ng magkakaiba, tulad ng sa ating buhay. Yaong mga nasa kanan ng Diyos ay magdadarang dito at buong-kaligayahang ipagpapatuloy ang kanilang mga pakikipag-ugnayan sa Diyos noong habang sila ay nabubuhay ba sa lupa, nasa patuloy na lumalagong pakikipag-ugnayan. Ang pag-ibig ng Diyos ay babalot rin doon sa mga hindi tumanggap sa Kanya, subalit sa kanila, ito ay magdudulot lamang ng paghihirap. Ang kanilang mawiwika sa paglipas ng panahon: *Kung sana'y*.

> Ang pasakit na dudurog sa puso bunga ng pagkakasala laban sa pag-ibig ay mas matalas pa kaysa sa lahat ng pahirap. Ang kapangyarihan ng pag-ibig ay gumagawa sa dalawang paraan: ito ay nagpapahirap doon sa mga nagkakasala, tulad ng nangyayari sa mga magkakaibigan dito sa lupa; subalit doon sa mga sumusunod sa kanilang tungkulin, ang pag-ibig ay nagbibigay tuwa.
>
> ISAAC NA TAGA-SIRIA[130]

Ang pagkatakot sa kamatayan ay isang pangkaraniwang damdamin ng tao. Tulad ng sa isang sanggol na umiiyak bilang karaniwang pagtutol kapag napapalayo sa init at kaligtasan ng sinapupunan ng kanilang ina upang pumasok sa malaki, malamig na mundo, mabigat sa ating loob na iwan ang buhay sa mundo na ating kinabihasnan. Napakahirap rin na magpaalam doon sa ating mga mahal sa buhay na lumisan na, anuman ang kanilang edad. Karamihan sa atin ay naghahangad na mabuhay ng walang hanggan, walang katapusan sa piling ng ating mga kaibigan at kapamilya–isang pahiwatig mula sa Diyos tungkol sa pagiging walang hanggan ng ating kaluluwa. Ang Kanyang banal na layunin para sa ating kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo ay nagkakaloob ng pag-asa na ating magagawa ang katulad niyaon–ang mabuhay ng walang hanggan sa piling Niya–sa isang lugar ng kagalakan, na ang lakas ay nakahihigit pa sa alinmang ating nalalaman. Ang higit nating pananalig sa pangakong ito, ang paglalagay ng ating pagtitiwala dito, at ang pagsusumikap na mamuhay ng tulad-ng-kay-Cristo kung saan tayo ay tinatawag, ay lalong-higit na nagpapahintulot sa biyaya ng Diyos sa ating mga puso at nababawasan ang ating paghihirap na dala ng pagkatakot na lisanin ang mundong ito.

> Bago ang banal na pagdating ng Tagapagligtas, kahit ang mga pinakabanal na tao ay mayroong pagkatakot rin sa kamatayan at tumatangis para sa mga namatay tulad ng sa mga napahamak. Subalit ngayon na ang Tagapagligtas ay binuhay na ang Kanyang Katawan, ang kamatayan ay hindi na ganoon kabagsik.
>
> ATHANASIUS[131]

Ang kamatayan ay hindi kalooban ng Diyos para sa mga tao, kung kaya ito ay may katapusan. Ang kasalanan ang nagdala ng pagkasira sa mga Likha ng Diyos, na Kanyang buong pagka-awang pinuputol ng kamatayan; ang Pagkakapako sa krus ni Cristo at ang Muling Pagkabuhay ay nag-alis sa “kamandag” ng kamatayan (ang pagiging walang hanggan nito); ang kamatayan mismo, ang “huling kaaway,” ay tuluyang wawasakin sa Muling Pagparito ni Cristo (1Co 15:24-26).

> Ang kamatayan ay katulad lamang ng … pagpapalit ng kasuotan! Sapagkat ang kaluluwa ay ginagamit lamang ang katawang ito bilang kasuotan. Subalit, ang kasuotang ito, ay pansamantalang huhubarin ng kamatayan, upang isuot muli ng may higit na kaluwalhatian sa muling pagkabuhay ng mga katawan. Ang kamatayan ay “pansamantalang paglalakbay,” isang pagtulog na mas mahaba kaysa pangkaraniwan. Kung kaya, kung kayo ay natatakot sa kamatayan, dapat rin kayong matakot sa pagtulog!
>
> CRISOSTOMO[132]

Ang tanging dapat katakutan ay sa kung ano ang naroroon sa pagitan ng Diyos at natin: ang mga sinasadyang kasalanan at kapalaluan na naghihiwalay sa atin mula sa Kanya. Habang tayo ay mayroon pang hininga, tinatawag tayo ng Iglesia na Magsisi/Mangumpisal upang bigyang-pansin ang mga yaon at bigyan ng katapusan, at gayundin ay sa Eukaristiya, upang

patuloy na magpanibago at magpatibay sa ating pagkaka-ugnay kay Cristo–sapagkat sa huli, tanging ang kaugnayang iyon ang mahalaga. Ang bawat sandali ng ating buhay ay dapat nating pagyamanin; subalit kapag dumating na ang panahong iyon, nawa ay maibaba natin ang ating mga pasanin tulad ng sa isang mapayapang pagtulog, isuko ang ating kaluluwa sa mapagmahal na yakap ng Diyos, at hindi pahihirapan ng nakakatakot na *kung sana'y*.

*Kaya nga, mag-aliwan kayo sa pamamagitan ng mga aral na ito.*
1 Tesalonica 4:18

**Ang Katapusan ng Paglalakbay at Ang Panibagong Pagsisimula**

## ANG ICON NG HULING PAGHUHUKOM: ANG ILOG NG APOY

Sa Makalangit na tagpong ito na ipinahihiwatig sa mabuting balita ni Mateo, si Cristo ay nakaluklok sa "*trono ng Kanyang kaluwalhatian*," at titipunin ang mga bansa. Kanyang ihihiwalay sila "*tulad ng paghihiwalay ng pastol sa kanyang mga tupa at kambing. At Kanyang ilalagay ang mga tupa sa Kanyang kanan, ngunit ang mga kambing ay sa kaliwa*." Ang Theotokos at si Juan Bautista ay nakaagapay sa Kanya, na namamagitan para sa sangkatauhan. Ang Labingdalawang Alagad ay nakaluklok sa trono na nasa magkabilang gilid, tulad ng ipinangako ni Cristo sa kanila.

Doon sa nasa Kanyang kanan ay sasabihin ni Cristo: "*Halikayo, mga pinagpala ng Aking Ama, tanggapin ninyo ang kaharian na inihanda para sa inyo*"; at doon sa Kanyang nasa kaliwa, ay Kanyang sasabihin: "*Lumayo kayo sa Akin, kayong mga sinumpa, doon sa walang-hanggang apoy na inihanda para sa diablo at mga anghel niya*." May dalawang anghel na naghahawak sa pergamino kung saan nakasulat ang Kanyang salita; isa namang anghel ang may hawak ng timbangan kung saan ang gawa ng tao ay titimbangin. May dalawang demonyo na nagpupumilit na hilahin ang timbangan para sa kanilang panig.

Ang "ilog ng apoy" na ipinaliliwanag sa Daniel 7:10 ay dumadaloy sa bahaging kaliwa ni Cristo. Nalalaman ng Iglesia na ang apoy na ito ay ang palaging-nandiriyang pag-ibig ng Diyos, ang makadiyos na lakas na nagdala ng tuwa sa tatlong kabataan sa pugon ngunit kamatayan sa kanilang mga bantay (Dan 3:22, 25). Sa Paghuhukom, yaong mga bukas sa pag-ibig na ito ay makakatagpo ng walang-hanggang ligaya; yaon namang mga hindi tumanggap dito, maging kriminal man o isang hari, ay kakainin ng halimaw, na ayon sa sinasabi ni San Isaac na taga-Siria, ay ang "mapait na pagsisisi" na magpapahirap sa mga makasalanan (Ascetical Homily 28). Ang iba't-ibang mga nilikha sa lupa at sa tubig ay nagpapakita niyaong mga nakasulat sa Pahayag.

Kabilang sa mga matutuwid na nasa kanan ni Cristo ay ang mga paboritong santo ng mga Orthodox; ang Theotokos ay nakaluklok sa trono at ang mga anghel ay naglilingkod sa kanya; at si amang Abraham ay tangan ang mga kaluluwa ng mga wagas sa isang tela na nasa kanyang dibdib. Ang mabuting magnanakaw ay nakapasok sa Kaharian na mas una kina San Pedro at San Pablo, na nakahanda ng buksan ang pintuan ng Langit.

Kadalasan, ang icon na ito ay nakalagay sa dingding ng *narthex* at makikita bago makalabas ang sinuman sa simbahan, isang pagpapaalala sa hindi matatakasang kaganapan ng Huling Paghuhukom at ng katotohanan na tayo ay dapat palaging maging handa upang humarap sa ating Panginoon.


THE LAST JUDGEMENT

Ang nagliliwanag na pag-ibig at kaluwalhatian ng Diyos, kung saan (ang mga masasama) ay hindi makakatago ay magiging ilog ng apoy, at dadalahin sila nito, at ang kanilang mga konsensya ay tatanggapin ito bilang nag-aapoy na uling. Ang mga matutuwid ay tatanggap ng iisa at kaparehong "apoy" bilang wagas na kaliwanagang espiritwal at kaunawaan at mapupuno ng hindi maipaliwanag na ligaya at pagpaparangal, sapagkat para sa kanila, ang apoy na ito ay ang Araw ng katuwiran na magpapagaling sa anumang wala sila, at sila ay *hahayo* at yayabong sa pagiging wagas at kaalaman hanggang sa magpasawalang-hanggan (Mal 4:1-2).[133]

Hindi maaaring ihiwalay ang kaningningan ng apoy mula sa lagablab na pinagmumulan nito; subalit, ang Diyos, na nagnanais na himukin ang Kanyang lingkod sa pamamagitan ng isang mahiwagang tanawin, ay pinaapoy ang isang palumpong, na nagpapakita ng kaningningan ng apoy, ngunit hindi naman nakakasunog. Ito ay ang sinasabi ng Mang-aawit na *Kapag siya'y nagwiwika, lumalabas yaong kidlat* (Awit 29:7). Kung kaya, sa pagbabayad na naghihintay sa atin matapos ang buhay na ito … ang dalawang kalikasan ng apoy ay mahahati; ang mga nasa katuwiran ay makikinabang sa liwanag, at ang pahirap ng init nito ay isang pagpapahirap sa mga masasama.

BASILIO NA DAKILA[134]

SA ARAW NA IYON,
ANG PAG-IBIG NG DIYOS AY DADALOY MULA
SA KANYANG TRONO TULAD NG SA ISANG ILOG NG APOY.

## PANGHULING SALITA

Ang **IKAW BA'Y LIGTAS?** ay isang katanungan na kinakailangang bigyan ng pangunahin pansin niyaong mga tumanggap ng kaloob ng buhay. Ang gawang ito ay isang pagsisikap na magkaloob, sa pangkaraniwang salita, ng isang balangkas ng Banal na Layunin ng Diyos para sa Kanyang iniibig na "tao," upang yaong mga humahanap ng karunungan patungkol sa layunin ng buhay ay magabayan ng Kanyang Katototahan, na nananatili sa lahat ng panahon at lugar.

Ang mensahe ng kaligtasan sa pamamagitan ng Anak ng Diyos ay para sa lahat. Ito ay simple at sumasakop sa lahat. Ito ay dapat isigaw mula sa mga bubungan at ituro ng paulit-ulit sa ating mga tahanan at simbahan at sa bawat antas ng kaunawaan ng tao. Dapat itong tumagos sa bawat bahagi ng ating buhay at gumabay sa ating bawat kilos at pasiya.

Ang panuntunan na itinatakda ng gawang ito ay siyang itinuro ng makasaysayang Iglesia simula pa ng si Jesu-Cristo ay umakyat sa Langit upang maghintay doon sa mga umiibig sa Kanya. Aming idinadalangin na ang kasabihang ito ay makakatulong sa ilan upang maunawaan kung ano ang ginawa ni Cristo para sa kanila at maging inspirasyon sa kanila upang gawin at/o kaya ay magpatuloy sa pagpapanibago sa isang tunay at buong-buhay na pagtatalaga ng sarili para sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Nawa tayong lahat ay kumilos upang ibahagi ang nagbibigay-buhay na karunungan doon sa lahat ng nakikinig, at nawa tayong lahat ay patuloy na *lumago ayon sa Kanyang wangis* upang ipakita ang ating pananampalataya at pag-ibig sa Kanya, bilang paghahanda para sa kabanalan ng Kanyang kaharian.

# MGA TALA

Ang mga pagsipi sa Kasulatan, sa kabuuan ng edisyong Ingles, ay kinuha mula sa The New King James Version®. Karapatang-ari © 1982 ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit na may pahintulot. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Ang mga paghalaw ay inilagay dito sa bahagi ng "Mga Tala". Ang iba naman ay isinama na sa katawan ng teksto upang ipakita ang matinding kagustuhan ng sumulat na isama ito sa pagbasa. Ang mga pagsipi sa isina-Tagalog na edisyon ay hango mula sa Magandang Balita Biblia ng Philippine Bible Society.

Kabanata Isa

[1] Gen 1:28
[2] Gen 3:8-9
[3] Fr. Kallistos Ware, The Orthodox Way, p.52.
[4] Isa 14:12-21, Pah 12:7-12.
[5] Philip Schaff and Henry Wace, "The Second Oration on Easter," Nicene and Post Nicene Fathers of the Christian Church, Second Series, Vol. VII, p.425.S
[6] Panayiotes Nellas, "Garments of Skin," Deification in Christ, p.46-53.
[7] Frederick C. Chase, Jr., "Orthodox Faith: Book Four," Fathers of the Church Saint John of Damascus Writings, Vol. 37, Ch. 27, p.352.
[8] "The Orthodox Church has always repudiated the doctrine of 'original guilt'–that is, the view that all men share not only the consequences of but also the guilt for the sin of Adam and Eve." Cronk, p.45. Also see Ware, p.62.
[9] Pah 21:3-4.
[10] Nikolaos P. Vassiliadis, The Mystery of Death, p.519-20.
[11] Gen 3:15.
[12] Jn 8:44.
[13] Rev. George Nicozisin & Presbytera Freida Upson, The Sacraments of the Orthodox Church, p.7-10.
[14] Gen 17:1-2.
[15] Vladimir Lossky, Orthodox Theology, An Introduction, p. 86.
[16] Ro 3:19-20.
[17] Exo 34:27-28.
[18] Tingnan ang mga Aklat ng Leviticus, Bilang at Deuteronomio.
[19] Deut 27:10, 26; San 2:10.
[20] 1 Jn 2:2.
[21] Exo 25:22.
[22] Lev 16.
[23] Exo 26:33.
[24] Heb 9:1-15.
[25] Gen 5:24; Heb 11:5; 2 Ha 2:1-11.
[26] M. F. Toal, The Sunday Sermons of the Great Fathers, Vo. Two, p.54-55.
[27] Mt 5:48.
[28] "In order for Christ to save His people He must be theanthropos–a divine and human being. He must be God to be able to save, and He must be man so that salvation can be real on behalf of mankind and not merely of God, from above only, as a sort of magical salvation." Bishop Gerasimos Papadopoulos, Orthodoxy: Faith and Life, Vol. Two, Christ in the Life of the Church, p.41.

[29] Gen 28:12-13; Jn 1:51.
[30] Jn 7:30, 8:20; 10:31, 39.
[31] Jn 17:1.
[32] Jn 10:17-18.
[33] Lossky, "Christological Dogma," Theology, p.114.
[34] R. Payne Smith, trans., "On the Incarnation," Commentary on the Gospel of St. Luke, note 1, p.52.
[35] Gen 22:7-8; Exo 12:3-13; Lev 23:12; Isa 53:7; Jn 1:29.
[36] Mt 27:51-54; Lu 23:44-45.
[37] Toal, "On the Holy Pasch," Vol. Two, p.257.
[38] 1 Cor 15:20.
[39] Heb 9:14-15 (basahin ang Kabanata 8 hanggang 10).
[40] Ef 2:4-6; Ga 4:4-7.
[41] Nikolai Velimirovic, The Prologue from Ochrid, Part One, p.296.
[42] Archimandrite Chrysostomos, The Ancient Fathers of the Desert, p.66.
[43] Toal, Vol. two, p.151.

Kabanata Dalawa

[44] Toal, "On the Gospel," Vol. One, p.417.
[45] George Cronk, The Message of the Bible, An Orthodox Christian Perspective, p.265.
[46] Ro 4:13-15; 7:7-8:4.
[47] Jn 14:6.
[48] 1 Ped 2:21.
[49] Fil 3:12-16.
[50] Papadopoulos, p. 56.
[51] Heb 12:14.
[52] 1 Cor 12:27.
[53] Heb 11:6.
[54] 1 Tes 4:15-18.
[55] Jn 5:26-30.
[56] Ef 2:8-10.
[57] Archimandrite Christoforos Stavropoulos, Partakers of Divine Nature, trans. Stanley S. Harakas, p.35.
[58] ibid, p.34.
[59] Tito 3:4-7.
[60] 1 Cor 2:11.
[61] Heb 5:8-9.
[62] Jn 15:9-17.
[63] Mt 16:13-18.
[64] 2 Cor 3:6.
[65] Ro 13:8-10.
[66] Kadalasang pinaniniwalaan na ang teoryang ito ay nagsimula sa panahon ng Repormasyong Protestante, ni Martin Luther, subalit ang katotohanan ay isa ito sa mga erehiya ng unang siglo. Ang malaking bahagi ng Aklat ni Santiago ay sinulat upang labanan ang erehiyang ito. Tingnan ang Cronk, p.233.
[67] Ro 3:23-26; 2 Tes 2:13-17.
[68] J. Leslie Dunstan, Protestantism, p.208-10.

[69] Mt 25:31-46.
[70] Chrysostomos, p.94.
[71] Mt. 12:30.
[72] Pah 2:17.
[73] Ware, p.183-185.
[74] Toal, Vol. One, p.382.
[75] ibid, Vol. Two, p.25.

Kabanata Tatlo

[76] Mt 11:12.
[77] Jn 14:6; 1 Tim 2:4-5.
[78] Mt 20:1-16.
[79] Mc 9:36-37; 10:13-16.
[80] 1 Cor 12:13.
[81] Col 1:18-23.
[82] Olga Dunlop, The Living God, vol. 1, p.223.
[83] Mt 3:13-15; Lc 22:19-20; Jn 6:56.
[84] 2 Cor 1:21-22; 1 Jn 2:20.
[85] Jn 3:5.
[86] 1 Cor 2:4-5.
[87] Mt 26:26-28; Lc 22:19-20; Jn 6:56.
[88] Philip Schaff. "Homily XLVI of the Gospel of John," NPNF, First Series, Vol. XIV, p.166-167.
[89] San 5:13-15.
[90] Ro 2:25-29; 4:11-12.
[91] Jn 20:23.
[92] Gen 2:24; Mt 19:4-6.
[93] Gen 1:27-28.
[94] Gen 1:18; Awit 110:4; Heb 4:14-7:28; Mc 3:14-15; Mt 28:16-20.
[95] Alexander Schmemann, The Eucharist, p.115.
[96] Ro 2:1-16.
[97] 1 Cor 2:6-7.
[98] Mt 7:1-2.
[99] Lazar Puhalo, The Soul, the Body, and Death, p.45.
[100] Jerry Falwell, ed., with Ed Dobson and Ed Hindson, The Fundamentalist Phenomenon, The Resurgence of Conservative Christianity, p.21.
[101] D. Guthrie, The New Bible Commentary, p.1080.
[102] Awit 84:10.
[103] Ro 8:24.
[104] "Orthodoxy believes that salvation is not so much a negative reality as it is a positive one: salvation is not so much to be freed from the bondage of the devil and his dominion of sin, death and corruption as it is life in communion with God." Maximos Aghiorgoussis, "The Theology and Experience of Salvation," The Greek Orthodox Theological Review, Vol. XXII, Winter 1977, No. 4, p.414.
[105] Stavropoulos, p.54.
[106] Mt 16:27; 25:34.
[107] San 1:12; Pah 3:5.
[108] Pah 21:4.

[109] Schaff, "Homily XL," p.147.
[110] Mt 25:41.
[111] Schaff, "Homily XXIII on Matthew," NPNF Vol. X, p.161.
[112] Jn 12:48.
[113] Ro 12:4-8.
[114] Mt 28:20; 2 Cor 1:3-5.
[115] Ro 1:19-20.
[116] 2 Cor 1:8-10.
[117] Toal, Vol. One, p.13.
[118] ibid, p.365.

Kabanata Apat

[119] Photios Kontoglou, Ekphrasis, p.180.
[120] Chase, Ch 27, p.406.
[121] Schaff, "Homily XXVIII (7) on Matthew," p.161.
[122] ibid, Chrysostom, "Homily III on Philippians," Vol. XIII, p.196.
[123] ibid, Two Exhortations to Theodore after his Fall, Letter 1 (19).
[124] Panagiotis Trembelas, Dogmatics, Vol. 3, p.410-411, Vasilladis, p.429.
[125] Schaff, Vol. XIII, p.197.
[126] Philip Schaff and Henry Wace, ed., Archibald Robertson, special ed. "Against the Heathen," NPNF, Vol. IV, St. Athanasius: Select Works and Letters, p.21-22.
[127] G.E.H. Palmer, Philip Sherrard, Kallistos Ware, "The Raising of the Intellect," Philokalia: The Complete Text, Vol. Three, Ch IV, p.312-63.
[128] Chase, Ch 25, p.398; Ch 11, p.350.
[129] Schaff, Vol. XIII, p.196.
[130] A.M. Allchin, intro & ed, "The Scourge of Love," Daily Readings with St. Isaac of Syria (Nineveh), p.83.
[131] Schaff and Wace, "On the Incarnation of the Word," NPNF, Vol. IV, p.50.
[132] Schaff, "Homily V" (11), On the Statutes, Vol. VIII, p.374-375.
[133] Puhalo, p.45.
[134] Schaff and Wace, "The Hexaemeron [Six Days], Homily VI (3) NPNF, Vol. VIII, St. Basil: Letters & Select Works, p.269.

# BIBLIYOGRAPIYA

Aghiorgoussis, Maximos, “The Theology and Experience of Salvation,” The Greek Orthodox Theological Review, Vol. XXII, Winter 1977, No. 4.

Allchin, A.M., Daily Readings with St. Isaac of Syria [Nineveh], Springfield: Templegate Publ, 1989.

Anderson, David and John Erickson. The Services of Christmas, The Nativity of our Lord God and Savior Jesus Christ. Syosset, New York: Orthodox Church in America, 1981.

Backman, Milton V. Jr. Christian Churches of America, Origins and Beliefs. Utah: Brigham Youn University Press, 1976

Bettenson, Henry, ed. The Early Christian Fathers. London: Oxford University Press, 1956.

Chase, Frederic H. Jr., trans. The Fathers of the Church: Saint John of Damascus Writings, Vol. 37, Washington, D.C.: CUA Press, 1958.

Chrysostomos, Archimandrite, trans. “The Evergetinos Passions and Perfection in Christ” The Ancient Fathers of the Desert. Brookline: Hellenic College Press, 1980.

Cronk, George. The Message of the Bible, An Orthodox Perspective, Crestwood, New York: St. Vladimir’s Seminary Press, 1982.

Dunlop, Olga. The Living God, A Catechism for the Christian Faith. Two volumes. Crestwood, New York: St. Vladimir’s Seminary Press, 1989.

Dunstan, J. Leslie, ed. Protestantism. New York: George Braziller, 1962.

Falwell, Jerry, ed. With Ed Dobson and Ed Hindson. The Fundamentalist Phenomenon. New York: Doubleday and Company, Inc., 1981.

Guthrie, D., J.A. Motyer, A.M. Stibbs, D.J. Wiseman, eds. The New Bible Commentary, Rev. Grand Rapids, Michigan: Wm. B. Eerdman’s Publishing Company, 1970.

Halley, Henry H. Halley’s Bible Handbook, 24$^{th}$ ed. Grand Rapids, Michigan” Zondervan Publishing Hounse, 1965.

Haverstick, John. The Progress of the Protestant, A Pictorial History from the Early Reformers to Present Ecumenism. New York: Holt, Rinehart and Winston, 1968.

Kontoglou, Photios. Ekphrasis, 3$^{rd}$ ed., Vol. 1, Athens: Astir Press, 1993.

Lossky, Vladimir. Orthodox Theology, An Introduction. Crestwood, New York: St. Vladimir’s Seminary Press, 1978.

Mary, Mother and Archimandrite Kallistos Ware. The Lenten Triodion. South Canaan, Pennsylvania: St. Tikhon's Seminary Press, 1994.

Nellas, Panayiotes. Deification in Christ, The Nature of the Human Person. Crestwood, New York: St. Vladimir's Seminary Press, 1987.

Nicozisin, George and Freida Upson. The Sacraments of the Orthodox Church. Greek Orthodox Archdiocese of North and South America, 1973.

Order of the Divine and Holy Liturgy. Brookline, Massachusetts: Holy Cross Orthodox Press, 1987.

Palmer, G.E.H., Philip Sherrard, Kallistos Ware, Philokalia: The Complete Text, Vol. Three, Boston: Faber and Faber, 1986.

Papadopoulos, Gerasimos. Orthodoxy: Faith and Life, Christ in the Life of the Church. Brookline, Mass: Holy Cross Orthodox Press, 1981.

Puhalo, Lazar. The Soul, the Body and Death. Canada: Synaxis Press, 1985.

Schaff, Philip, ed. St. Chrysostom: "On the Statutes," *Nicene and Post-Nicene Fathers of the Christian Church*, First Series, Vol. VIII, Grand Rapids: Wm. B. Eerdman's Publ, 1989.

_____. "Two Exhortations to Theodore after his Fall," Buffalo: NY Christian Literature Publishing Co, 1989.

_____. Chrysostom: "Homilies on the Gospel of St. Matthew," Vol. X, 1991.

_____. Chrysostom: "Homilies on Philippians," Vol. XIII, 1983.

_____. "Homilies on the Gospel of St. John & Epistle to the Hebrews Vol. XIV, 1989.

Schaff, Philip, & Henry Wace, ed. "Athanasius: Select Works and Letters," Nicene and Post Nicene Fathers of the Christian Church, Second Series, Vol. IV, Grand Rapids: Wm. B. Eerdman's Publ, 1980.

_____. "Gregory Nazianzen: The Second Oration on Easter," Vol. VII, 1989.

_____. "St. Basil: Letters and Select Works," Vol. VIII, 1983.

Schmemman, Alexander. The Eucharist. Crestwood, New York: St. Vladimir's Seminary Press, 1988.

Smith, R. Payne, trans. Commentary on the Gospel of St. Luke, by St. Cyril of Alexandria, Studion Publishers, 1983.

Stavropoulos, Christoforos. Partakers of Divine Nature. Trans. Stanley S. Harakas. Minneapolis: Light and Life Publishing Company, 1976.

Toal, M.F., trans. And ed. The Sunday Sermons of Great Fathers. Four volumes. Chicago Henry Regnery Co. London: Longmans, Green, 1957.

Trembelas, Panagiotis. Dogmatics of the Orthodox Catholic Church, Vol. 3, Athens: O Sotir, 1968.

Vassiliadis, Nikolaos P. The Mystery of Death. Trans. Fr. Peter A. Chamberas. Athens: The Orthodox Brotherhood of Theologians, “The Savior,” 1993.

Velimirovic, Bishop Nikolai. The Prologue from Ochrid, Lives of the Saints and Homilies for Every Day in the Year. Trans. Mother Maria. Four parts. Birmingham, England: Lazarica Press, 1985.

Ware. Kallistos. The Orthodox Way. Revised Edition. Crestwood, NY: St. Vladimir’s Seminary Press, 2001.

Ang **Ikaw Ba'Y Ligtas? Ang Cristianong Orthodox na Pamamaraan ng Kaligtasan** ay isang aklat patungkol sa mapag-ibig at nagtutulungang ugnayan sa pagitan ng Diyos, ng Kanyang Iglesia, at ninyo, upang *ay magiging handa sa lahat ng mabubuting gawain* (2 Tim 3:17). Tulad ng itinuturo sa loob ng dalawang libong taon ng kasaysayan ng Iglesia Cristianong Orthodox at ipinaliliwanag dito ni Barbara Pappas sa makabagong salita, ang kaligtasan ay isang panghabang-buhay na pagpapatuloy ng pagiging buo at kompleto. Ang kaligtasan ay nangangahulugan ng pakikipagtulungan sa biyaya ng Diyos upang gawing wagas ang kanyang wangis na nabubuhay na at gumagawa sa atin, bilang paghahanda sa yakap ng Kanyang naglalagablab na pag-ibig pagdating ng Katapusan.

---

"Mahigpit kong inirerekomenda ang aklat na ito sa lahat ng humahanap sa kaligtasan, upang sila ay hindi mailigaw ng mga sinulat na hindi umaayon sa mga itinuturo ng Bagong Tipan. Ang aklat na ito ay nagsasalita ng matuwid sa katotohanan na ang kaligtasan ay hindi kagyat na pangyayari, at walang sinuman ang tunay na makapagsasabi na, 'Ako'y Ligtas na.' Isa sa pinakamalakas na pagpapahiwatig nito ay ang mga salita ni San Pablo: *Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na, ngunit sinisikap kong …* (Fil 3:12). Nalalaman ni Apostol Pablo na ang kaligtasan … ay isang pamamaraan, isang paglago sa espiritwal na pagpapaunlad tungo sa pagiging wagas or pagiging santo. Dagdag pa dito, si San Pablo ay nagpahayag rin ng malinaw patungkol sa maaaring maiwala ng isa ang kanyang natamo na patungkol sa kaligtasan." – Metropolitan Isaiah ng Denver

Ang napakahusay na aklat ni Barbara Pappas na Ikaw Ba'y Ligtas? ay isinalin sa wika ng mga Koreano at malugod na tinanggap ng mga Koreano. Isa ito sa aming pangunahing ginagamit sa pagmimisyon upang ipakilala ang *Orthodoxy* at ganun din sa pagtuturo sa mga mananampalataya sa bansang ito. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa kaloob sa kanya na pagtuturo ng mga aral ng Iglesia sa paraang madaling maunawaan ngunit hindi nagbabago ng nilalaman." – Metropolitan Soterios ng Korea

Ang maraming mga salin sa ibang wika ay maaaring makuha ng walang bayad sa pamamagitan ng pag-download, kasama ng tinipong multimedia patungkol sa panimulang impormasyon sa Orthodoxy sa buong daigdig at sa inyong lugar, sa aming website: www.orthodoxareyousaved.org.

---

RELIGION/Christianity
Cover design by Fr. Anthony Salzman

AMNOS Publications
2501 South Wolf Rd., Westchester, IL 60154
Phone: (708) 562-2706
Email: info@orthodoxareyousaved.org